# ULOS

2005 Nobyembre

Pangkulturang Dyornal ng Pambansa-Demokratikong Kilusan sa pangangasiwa ng Artista at Manunulat ng Sambayanan (Armas) sa pamamatnubay ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM)



*ANG BAWAT LIKHANG-SINING SA ISYUNG ITO NG Ulos AY MAAARING IPALAGANAP SA ANUMANG PARAAN O ANYO; ANG MGA AWIT, TULA, KWENTO, SANAYSAY AT SINING BISWAL AY MAAARING SIPIIN SA MGA PANUNURI AT ITANGHAL SA MGA PULONG-MASA AT MGA PAGTITIPON NG MGA REBOLUSYONARYONG PWERSA; MAAARING ISALIN SA IBANG WIKA AT ILATHALA SA MGA PUBLIKASYON NG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG KILUSAN.*

*HINIHIKAYAT ANG LAHAT NG MGA KASAMA SA KANAYUNAN MAN O SA LUNSOD NA MAG-AMBAG NG KANILANG MGA AKDA AT IBA PANG LIKHANG SINING. ANUMANG MGA PUNA AT SUHESTYON AY MALUGOD NAMING TINATANGGAP SA DIWA NG IBAYO PANG PAGPAPAUNLAD SA ATING REBOLUSYONARYONG SINING AT PANITIKAN.*

# NILALAMAN


Pambungad

Sining at Panitikan sa Cagayan Valley: Yumayabong sa Gitna ng Sumusulong na Digmang Bayan/8

Editoryal

Namumukadkad ang Rebolusyonaryong Kultura sa Pagsulong ng Rebolusyong Agraryo/10

Sanaysay

Mga Awit, Tula, at Sanaysay ng Isang BagongMundo/12

Masagang Ani para sa Kilusang Magsasaka/24

Silang mga Huwaran/30

Tula

Mas Mainit kaysa Tagtuyot ang Hawak natin Ngayong Armas/42

Mapagpalayang Pasko/44

Mapupulang Bulaklak Para Kay Ka Ren/46

Kumprontasyon/48

Ang Dakilang Lambak/49

Ilog Cagayan/51

Dalawang Buwan bago Magsilang/52

Tula ng Isang Bagong Sampa/53

Yellow Corn/55

Signal Payr/56

Pagkat Di Lahat ng Oras ay Atin/57

Blaze of Struggle/Lagablab ng Paglaban/58
Dagami Daytoy/Lupa Namin Ito/60
Kung May Labi't Dila Lang Sana ang Lupa/62

Maikling Kuwento/Dagli

Balitang Radyo/63
Si Nana Iyang/70
Pagtatapos/75
Milisyang Bayan/79

Kanta

Ni Uncle Sam/Si Uncle Sam/82
Ipuon mi nga irugi/Sisimulan Namin sa Umpisa/83
Mangmangged ken Manalon/Manggagawa at Magsasaka/84
Ilaban Nagbannugan/Ilaban Pinagpaguran/86
Kabataang Makabayan/88

Sulat


Sulat ni Oyi/89
Sulat ni Leno/90

Kwentong Kusina

Nakasilip din/93
Nagpapaya Soap ang Punong Labting/94
Pasa-Kalog!/95



Itbayat
BATANES IS.
BASCO
SABTANG
Babuyan Is.
Calayan Is.
Dalupiri Is.
Fuga Is.
Camiguin Is.
BABUYAN CHANNEL
Palaui Is.
TO LAOAG
Sanchez Mira
Abulug
Ballesteros
San Vicente
Sta. Ana
Gonzaga
Sta. Teresita
LALLO
CAGAYAN
LASAM
GATTARAN
Alcala
Rizal
Amulung
Piat
IGUIG
TUGUEGARAO CITY
Solana
PEÑABLANCA
ENRILE
San Pablo
Cabagan
Maconacon
Divilican
Mallig
Roxas
Tumauini
ISABELA
San Manuel
Burgos
ILAGAN
Palanan
Aurora
Gamu
San Mariano
Naguilian
Reina Mercedes
Cabanatuan
San Mateo
Cauayan City
Ramon
Cordon
San Isidro
Echague
Alicia
TO BANAUE RICE TERRACES
Santiago City
Angadanan
Diadi
Villaverde
Ambaguio
Solano
Jones
Dinapigue
CABBAROGUIS
San Agustin
BAYOMBONG
Kayapa
Bambang
QUIRINO
Dupax del Norte
Maddela
Aritao
Dupax del Sur
Sta. Fe
Nagtipunan
NUEVA VIZCAYA
TO MANILA
Alfonso Castañeda
LEGEND
PROVINCIAL CAPITOL
TOWN
PROVINCIAL BOUNDARY
NATIONAL ROAD
RIVER



*Pambungad*

# Sining at Panitikan sa Cagayan Valley: Yumayabong sa Gitna ng Sumusulong na Digmang Bayan

ISANG PAGDIRIWANG ANG paglalabas ng isyung ito ng **Ulos** hinggil sa rebolusyonaryong kilusan sa Cagayan Valley. Handog ito sa lakas at bumibilis na kumpas ng pagsulong ng rebolusyonaryong pakikibaka sa rehiyon sa nagdaang ilang taon. Dokumentasyon din ito sa kaakibat na pagpapanibagong sigla ng rebolusyonaryong kultura sa kabuuan at rebolusyonaryong sining at panitikan sa partikular.

Sumulong ang rebolusyonaryong sining at panitikan sa nakaraan batay sa naging paglakas ng buong rebolusyonaryong pwersa. Iniluwal ang masagana at makukulay na mga obra sa harap ng pagbilis ng paglawak at paglalim ng baseng masa ng rebolusyon. Ang libu-libong masang nag-aktibo at nasaklaw sa mga pakikibaka ang naging bukal ng mga karanasang isinatitik sa mga awitin, tula, sanaysay, dula at iba pang likha ng mga pwersang pangkultura. Sa malawak nilang hanay lumitaw ang maraming mangaawit, makata, artista at iba pang mandirigmang pangkultura.

Sa sanaysay na “Mga Awit, Tula at Sanaysay ng Isang Bagong Daigdig”, hinimay ang mga laman at porma ng sining at panitikan sa rehiyon pangunahin na iyong mga gawa sa nagdaang ilang taon.

Rebolusyong agraryo ang hinandugan ng pinakamaraming literatura, dahil susi ito sa pagpapanibagong lakas ng rebolusyonaryong kilusan sa Cagayan Valley. Sa sanaysay na “Tagsibol ng Kilusang Magsasaka,” wastong ihinalintulad ang rebolusyong agraryo sa ulan sa gitna ng mahabang tagtuyot.

Sa tulang “’Yellow Corn,” tinuya ang agrokemikal na mais na produkto ng mga imperyalistang korporasyon sa agrikultura. Inilarawan naman sa mga tulang “Dagami Daytoy,” “Kumprontasyon” at “Kung May Labi’t Dila Lang Sana ang Lupa” ang matatagumpay na kilusang masa upang ipaglaban ang karapatan sa lupa at kontra sa despotikong mga panginoon sa lupa at gubyerno.

Inalayan ang pagsigla at paglaganap ng aktibismo ng masa. Sa kuwentong “Pagtatapos,” inilahad ang damdamin ng isang masang instruktor ng Pambansa Demokratikong Paaralan (PADEPA) bilang gradweyt sa Kurso ng Pagsasanay. Sa “Si Nana Iyang,” isinalaysay ang tuluy-tuloy na masiglang pagkilos ng isang datihang aktibistang kababaihan. Sa “Balita sa Radyo” naman, ipinakita ang kabayanihan ng masa sa mga pagkilos sa lunsod at sentrong bayan.

Pinapurihan din ang umaabanteng armadong pakikibaka at lumalaking hukbong bayan. Sa kwentong “Milisyang Bayan,” isinalaysay ng isang milisyang bayan ang kanyang unang karanasan sa paglahok sa taktikal na opensiba. Sa “Tula ng Isang Bagong Sampa,” ipinakita ang karaniwang tumatakbo sa isip ng dumaraming pasampa sa BHB. Pagpapatibay naman sa komitment sa armadong pakikibaka ng isang Hukbong malapit nang maging ina ang laman ng “Dalawang Buwan Bago Magsilang.”

Pagpupugay sa 36 na taon ng sumusulong na pakikidigma sa rehiyon ang laman ng tulang “Ang Dakilang Lambak.” Pagsulong itong pinagbuwisan ng buhay ng maraming kadre’t kasapi ng Partido, Pulang mandirigma at masa, na siyang pinararangalan ng sanaysay na “Silang Mga Huwaran.” Sa patuloy na pagsulong ng digmang bayan, “ang alab ay mananahanan,” ayon sa tulang “Apoy ng Paglaban.”

Marami pang maaaring iunlad ang rebolusyonaryong sining at panitikan sa Cagayan Valley. Ibayo itong yayaman sa harap ng patuloy na pagsigla ng agraryong rebolusyon at iba pang kilusang masa, pagputok ng mga taktikal na opensiba at paglawak at pagtatag ng mga base at sonang gerilya. Sa kabilang panig, lalo pang susulong ang iba’t ibang rebolusyonaryong gawain sa pag-unlad ng bagong sining at panitikan.

# Namumukadkad ang Rebolusyonaryong Kultura sa Pagsulong ng Rebolusyong Agraryo

NAMUMUKADKAD ANG REBOLUSYONARYONG KULTURA kapag tama ang linya ng Partido sa malawakang pagpapalahok sa mamamayan sa rebolusyonaryong kilusang masa at armadong pakikibaka. Ito ang itinuro ng nagdaang mahabang rebolusyonaryong praktika, kabilang na ang karanasan sa Cagayan Valley.

Ang bawat pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa lambak, na isa sa mga unang pinagpundaran ng digmang bayan, ay palaging pinangunahan ng paghawak sa interes ng nakararaming mamamayan sa rehiyon–ang mga magsasaka. Sa pagsisimula ng rebolusyonaryong gawain sa rehiyon noong 1969, agad na pinanghawakan ang interes ng mga setler sa forest region at ng mga tipikal na magsasaka sa kapatagan. Noon din nagsimulang pumailanlang ang mga awiting pumaksa sa kabayanihan ng kanilang uri. Tuluy-tuloy na umunlad ang bagong sining at panitikan kakambal ng isang bagong mundo, patunay na sa sinapupunan at dibdib lamang ng Pulang kapangyarihang pampulitika ng mamamayan maaaring mangagbinhi at lumago ang gawaing pangkultura.

Sa dulo ng dekada sitenta, lumaki ang rebolusyonaryong pwersa ng 400% at nasaklaw ang mga mayor na probinsya ng Cagayan Valley sa pagpapatupad ng lahat ng yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa minimum na layunin ng agraryong rebolusyon. At yumabong, kumalat at namulaklak ang rebolusyonaryong kultura sa rehiyon. Mapanlikha habang dikit sa pakikibaka ng masa sa rehiyon ang mga likhang awit, tula at dula. Ito ay matapos mapanghawakan ang bilin ni Kasamang Amado Guerrero nang mapalayo ang Partido at Hukbo sa masa noong 1972 dahil sa pagkukulong sa gubat na sinasalakay ng kaaway. Aniya, “ang laman ng baseng purok ay, unang una na, ang baseng masa”.

Sumulong ang rebolusyonaryong kilusan, pati ang rebolusyonaryong kultura, noong 2003 dulot ng pagtangan sa pangkalahatang linya ng

rebolusyong agraryo bilang susing kawing. Itinakda ito sa Tatlong Taong Plano ng rehiyon sa Panrehiyong Kumperensya ng Partido noong 1999. Kumapit ang Partido at Hukbo sa masa. Dahil lumakas ang rebolusyonaryong kilusang masa, lumakas pati ang Partido at Hukbo. Ginising nito ang susuray-suray na pag-abante ng rebolusyonaryong sining at panitikan sa rehiyon mula sa panahon ng mga maling linya ng Strategic Counter Offensive o SCO sa kalagitnaan ng dekada otsenta, at sa pagpaling sa konserbatismo noong dekada nobenta.

Kaya naman ang pinakamaraming nailuwal na akdang sining at literatura ay iyong mga naglalantad sa matinding pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa kanayunan; mga pumupuri at nagpapatunay sa mga tagumpay at pag-abante ng kilusang magsasaka. Pinag-alab nito ang damdamin ng masa upang lumaban sa pagsasamantala at isulong ang digmang bayan. Nagsisilbi rin na mga testimonya ang mga ito sa pagsulong ng iba't ibang aspeto ng rebolusyonaryong gawain.

Kapansin-pansin na sa dumaraming mga kinokonsolidang tipak ng mga sonang gerilya bumubukal ang kalakhan ng mga obra. Tumaas din ang kalidad at sumigla ang paggawa ng mga ito sa pagkakabuo ng mga platung gerilya bilang saligang pormasyon sa BHB, sa dahilang napaunlad ang kolektibong paggawa at panunuring masa.

Sa pamamagitan lamang ng paglaban para sa interes ng masa, at kasama ng masa, lalakas at magtatagumpay ang Partido at Hukbo. Ito ang ginintuang aral na nahalaw ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon sa higit tatlong dekada ng pakikibaka.


Tiyak ang pagsulong ng rebolusyong kilusan sa rehiyon. Ang angking lakas ng mamamayan sa lambak ay tinatanuran ng dalawang hanay ng dakilang mga bundok—naroon sa silangan ang Sierra Madre, ang simbolo ng gulugod ng kilusang magsasaka sa Luzon; at nasa kanluran ang Cordillera, ang simbolo ng lakas ng armadong pakikibaka:

Lugar ito ng umaalimpuyong digmang
Pinagbubuntunan ng poot ng mga hari't butangero
pero dambuhalang altar ding inaalayan ng dugo
ng angaw-angaw na aliping matatag
na tumatanaw mula sa mga burol at pilapil
sa nababanaag na silahis ng bagong umaga
dito sa malaking tipunan ng kapasyahan at lakas
—sa dakilang Lambak ng Cagayan.

(“*Ang Dakilang Lambak,*” ni Emil Magalat)

# Mga Awit, Tula, at Sanaysay ng Isang Bagong Mundo

ni *Silay Silangan*



*"Mabagal ka mang maglakad*
*Mabilis namang magpatupad*
*Mga gawaing walang puknat*
*Sa tagumpay ng rebo na hinahangad."*

HANDOG KO SA IYO ANG TULANG ITO, KASAMA," ang nahihiyang bungad ni Ka Breden. Katatapos lamang niyang dumalo sa palihan sa panitikan. Nagulat ako na mahusay na palang magsulat ng tula si Ka Breden. Parang kailan lamang noong 13 taong gulang pa lang siya na nagpupumilit sumampa sa hukbo. Hirap pa siyang magsulat at magbasa noon.

Marami ang kagaya ni Ka Breden sa loob ng hukbo at sa hanay ng masa. Dati, wala silang kaalaman at kasanayan sa paglikha ng mga obrang pangkultura; pero ngayo'y mahuhusay na. Mayaman ang kanilang karanasan at kaalaman sa pagrerebolusyon; at liban sa armas na dala, may bolpen at lapis pa silang gamit sa paggawa ng mga akda.

## Sining at Panitikan sa Cagayan Valley

Lipos ng optimismo ang tema ng mga nalilikhang obrang sining at panitikan ngayon sa rehiyong Cagayan Valley. Buhay na buhay at puno ito ng sigla.

Dumarami ang mga nagagawang tula, dula, kwento, awit at iba pa. Umuusbong at nagsisimulang mamulaklak ang sari-saring porma ng sining at panitikang nililikha at ipinapraktika ng mga kasama at masa.

Naglalaman ito ng buhay at karanasan ng masa, ng kanilang interes, mithiin at pakikibaka para sa pagbabago at pag-unlad ng lipunan, ng mga problema at kahirapan ng masa at kung paano sila kumilos at lumaban. Naglalarawan ito ng mga maniningning na tagumpay ng masa at hukbong bayan, ng kanilang mga sakripisyong pinagbuhusan ng luha, pawis at dugo.

Itinataguyod nito ang bagong kulturang pambansa, siyentipiko at pangmasa sa kabuuang balangkas ng bagong demokratikong rebolusyon;

at mula rito, itinuturo ang wasto at marapat na patutunguhang sosyalismo at komunismo. Kasabay ng pagguguhit ng tamang linya, inilalantad at binabatikos nito ang mga sining at panitikan ng mga naghaharing uri – mga kaisipan at gawing makasarili, indibidwalista, bulok at dekadente.

Malinaw sa mga sining at panitikang nililikha kung para kanino nagsisilbi ang mga ito. Kasangkapan ang mga ito ng mga uring pinagsasamantalahan at inaapi upang higit pa silang magkaroon ng diwa at lakas na magkaisang magbangon at magtagumpay. Sandata nila ang mga ito sa paglaban at pagwasak sa mga kaaway sa uri upang matamo ang kalayaan at mapawi ang pagsasamantala ng tao sa tao.

## Mga Tula

Kumpara sa iba pang porma ng panitikan at sining, pinakamarami at bulto ang nagagawang tula ng mga kasama at masa sa rehiyon. Mas madali kasi itong gawin kaysa anupamang obra. Popular din itong gustong pakinggan ng masa.

Tradisyunal na katangian ng mamamayan sa rehiyon ang hilig nilang makinig ng mga *daniw* (tula) sa radyo at sa mga pagtitipon. Kaya naman maraming mga rebolusyonaryong tula ang ipinapadala at binabasa sa mga istasyon ng radyo sa rehiyon.

Sa katunayan, maski ang mga talumpati nila ay matulain din ang himig na may tugma at sukat. Buhay pa magpahanggang ngayon ang *bukanegan* (balagtasan) na pinapakinggan ng masa sa istasyon ng mga radyo.

Pinakapopular sa masa ng kanayunan ang mga tulang tugma at sukat. Kagaya na lang nito:

*Sumapsapliten ni rigat, umir-iroten ti bekkel*
*Ti galot a suminsinit, ni estado't mangtengtengngel*
*Rikna a makidangadang, di kad' kaniami a sumkad?*
*Maymaysa laeng ti dalan—agturturong iti gubat.*

*Nabarbara ngem ti tikag, armas iggem tayo ita*
*Naturtured ngem allawig, manglemmes panagsagaba*
*Iti sango ti kiraos, iti ima daytoy gawat*
*Dumalluyon ti umili, rumukrukkuas ditoy tanap!*

(Mula sa *Nabarbara Ngem Ti Tikag Ti Armas Mi Ita)*


(Humahagupit na ang kahirapan, papahigpit na ang pananakal
Tanikalang pumapaso, estado ang siyang tumatangan
Kamalayang makibaka, sa ami'y hindi ba mag-aalab?
Iisa lamang ang daan --tumutungo sa digmaan.

Mas mainit kaysa tagtuyot, hawak natin ngayong armas
Mas matapang kaysa buhawi, lulunod sa paghihirap
Sa harap ng sikmurang kumakalam, sa kamay nitong kagutuman
Dadaluyong ang mamamayan, bumabalikwas sa kaparangan.)

(*Mas Mainit kaysa Tagtuyot ang Hawak natin Ngayong Armas)*

Magaganda at mahuhusay din ang mga tula na malayang taludturan (free verse). May sarili itong ritmo at himig. Nakakaantig damdamin gaya ng mga sumusunod:

*Kayhirap bumati ng "maligayang pasko, mga anak"*
*Ano't higit nating nadarama*
*ang kirot ng dibdib sa kalam ng karukhaan*
*ng tulad ninyong laksang yagit*
*lipos ng pangarap sa kawalan*
*Habang palalong tinatakam*
*sa tila walang hanggang pangungutya*
*ng ilang nagbubundat sa yaman ng dukha*



*Wala ngang paskong masagana, anak*
*sa mga maralitang iniluluwal*
*ng lipunang salat sa katarungan.*

(mula sa "*Mapagpalayang Pasko, Mga Anak*", ni Ka Bomi)

("Mangahas", ang sabi natin
at muling dumating ang tagsibol
at ang malawak na larangan ng mga
pakikibakang masa't digmang gerilya
ay naging makulay na hardin
ng masang ginabayan nating magbalikwas
at pinamumukadkaran ng mga bulaklak;
na walang sawa naming inihahandog sa iyo
kasamang dakila.)

(mula sa "*Mapupulang Bulaklak Para Kay Ka Ren*", ni Emil Magalat)

Bilang pagpapaunlad sa paglikha ng tula, sinisimulang iregularisa sa mga larangang gerilya ang mga pagtitipon para sa pagbigbigkas ng mga tula na inipon sa mga platung gerilya. Inilunlunsad din ang mga sesyon para sa panunuring masa sa mga likhang tula at iba pang nakasulat na obra.

## Mga Awitin

Isa sa pinakamabilis na nakakapagpalaganap ng rebolusyonaryong simulain sa rehiyon ang mga awit. Katulad na lamang ng kantang "Uncle Sam" (sa tono ng Si Felimon, Si Felimon). Dalawang beses lang itong kinanta ng isang mandirigma ay natuto na kaagad ang mga batang nakapaligid sa kanya. Kapagkuwa'y sabay-sabay na nilang kinanta, hindi lamang ang Pilipino kundi ang bersyong Iloko rin nito:

*"Ni Uncle Sam, ni Uncle Sam,*
*Nagpasyar ti Pilipinas*
*Nakakita, nakakita nagadu a kinabaknang*
*Tinakaw na, tinakaw na, impanna't Amerika*
*Kaasi't Pilipino, kaasi't Pilipino*
*Nailumlom ti utang.*

(Si Uncle Sam, si Uncle Sam
Namasyal sa Pilipinas
Nakakita, nakakita kaydaming kayamanan
Ninakaw niya, ninakaw niya, dinala sa Amerika
Kawawang Pilipino, kawawang Pilipino
Nabaon sa utang)

Sa loob ng mga sonang gerilya, kinakanta na ito ng mga bata sa kanilang eskwelahan.

Noong eleksyon 2004, ang mga jingle na hango sa kantang pangsayaw na *Otso-otso*" at "*Bulaklak*" ay nilapatan ng liriko at ipinalaganap sa radyo at sa buong rehiyon.

Mula pa noong dekada '70, malaki ang ambag ng mga rebolusyonaryong awitin sa paglakas at paglaki ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. Maraming mga kabataan ang sumampa sa BHB dahil naantig sila ng mga rebolusyonaryong awiting kinakanta ng mga kasama saanman sulok at dako sila mapunta. Hanggang ngayon ay kinakanta pa rin ito ng mga masang naunang naorganisa noong dekada 70, katulad ng:

*Mangmangged ken mannalon, agriingka*
*Tapnon magun-od mo't wayawaya*
*Mangirurumen nga agturay agraman ti ganggannaet*
*Orasnan umili a lumabankan...*

(Mangmangged ken Mannalon)

(Manggagawa at magsasaka, gumising ka
Para makamtan ang kalayaan
Mapang-aping naghahari, pati ang dayuhan
Oras na bayan na lumaban ka)

Mula unang bahagi ng dekada '80, mismong mga masa na ng kanayunan at ang hayag na kilusan ang lumikha ng mga awiting nakabatay sa kanilang aktwal na buhay at pakikibaka. Nabuo ang kantang *"Ipuon Mi nga Irugi"* nang ilunsad ang rebolusyong agraryo sa Cagayan, na ginantihan ng estado ng militarisasyon. Sunud-sunod ang rali sa kabisera na nilahukan ng libu-libong magsasaka at gitnang pwersa; ito'y sa kabila ng malaganap na panunupil at pag-aresto at pagbimbin sa daan-daang masa.

*Ipuon mi nga irugi*
*Kasasaad mi a nagrali*
*Inbalud dakam' PC ken Army*
*A nangtiliw kadakami*

*Diay baraks idiay Alimanao*
*Pilit inkam' nakaipupokan*
*Taraon mi inda inpaidam*
*Tinapay la ti inkam' kinnan*



(Sisimulan namin sa umpisa
Kalagayan naming nagrali
Ikinulong kami ng PC at Army
Na sa amin ay nanghuli

Sa baraks doon sa Alimannao
Ikinulong kaming sapilitan
Pagkain sa ami'y ipinagdamutan
Kinain nami'y tinapay lang.*)*

Pinakamadaling naipalaganap sa masa ang mga adaptasyon mula sa Iloko folk at pop song at mga popular na kantang Kanluranin kagaya ng *"Pamulinawen", "La Paloma", "Iliw", "Red River Valley", Melody of Love, Top of the World"* at iba pang nilapatan ng progresibo at rebolusyonaryong nilalaman. Alam na ng masa ang tono ng mga ito kaya't madali na lang ang pagkabisa ng liriko.

Maski sa bagong milenyo, ang*"Laglagipen, Ilaban Nagbannugan"*, na adaptasyon ng tonong Iloko pop song na *"Laglagipem, Awan Nagkurangak"* at nilapatan ng rebolusyonaryong liriko ang naging pinakamalaganap na kinakanta ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa rehiyon. Kinakanta ng mga kabataan habang sila ay nagtatrabaho sa bukid; sa mga umpukan sa

gabi habang nagpapahinga at nagkukwentuhan; at maging sa mga rali. Ginawan na ito ng videoke at ipiniprisintang awit-galaw sa mga presentasyong kultural.

Mahuhusay at magaganda ang mga tono ng mga orihinal na awiting gawa ng mga kasama sa rehiyon. Kinilala at tanyag nang kinakanta sa buong bansa ang marami sa mga ito. Ilan sa mga isinulat at ginawan ng tono ni Ka Arting noong dekada '80 ay ang mga sumusunod: *"Tano," "Ang Gabay," "Babae," "Pantasya," "Sa Pagkakalayo ay May Paglalapit Din,"* at *"Pandaigdigang Awit."* Noong dekada '90, nilikha ni Ka Egan ang awiting *"Higit na Matatag"* na naging popular na rin sa buong bansa.

Sa kabila ng paglihis noong panahon ng linyang Strategic Counter Offensive o SCO, maraming kanta, na kundi mga orihinal na awitin ay mga adaptasyon, ang nilikha ng masa sa Marag Valley. Popular na kinakanta sa buong rehiyon ang adaptasyong *"Nanang ko, Di ka Lumdaang* (O, Ina, Huwag kang Malumbay)." Pinakamaraming nagawang orihinal na kanta ang isang pamilya ng mga Pulang masa na makata ang ama, ginagawan ng himig ng ina, at tumutula ang mga anak at apo. Ginawan nila ng kanta ang pagkakaroon nila ng rebolusyonaryong gubyerno. Bunga ng tuwa ay ginawan din nila ng kanta ang pagkakatayo ng pabrika nila ng sabon at panaderya.

May ilan pang orihinal na awiting gawa ngayong bagong milenyo gaya ng *"Kabataang Makabayan"*, na pinopopularisa ng mga kasama sa hukbo. May ilan ding nagawang estilong pop, rock, at rap.

Sa dami ng mga rebolusyonaryong awiting gawa sa rehiyon at sa iba pang rehiyon sa buong bansa, ikinasaya ng masa at mga kasama sa hukbo ang nailimbag na songbuk na **Dangadang** ng rehiyong Ilocos-Cordillera. Noong 2004, naglabas din ang Cagayan Valley ng songbuk, ang **Dagiti Saniweng iti Tanap ti Cagayan (Mga Awitin sa Lambak ng Cagayan)**.

Maraming manganganta sa hanay ng hukbo at nakakapagbuo ng mga grupo tuwing may mga okasyon gaya ng anibersaryo. Buu-buong yunit ng BHB ang nagiging grupo ng manganganta. Nagpiprisinta sila sa mga pulong masa, sa pinagbabasehang mga bahay at baryo bago umalis patungo sa ibang lugar, at tuwing may mga pagtitipon o okasyon. Trinansporma ang tradisyunal na harana at ginawang haranang bayan na naglalaman ng rebolusyonaryong mga awitin.

Lahat ng mga kanta ay sinasaliwan ng gitara. "May kulang sa kanta," sabi ng masa at kasama kung walang gitara. Maraming masa at kasama ang naggigitara. Sa ilang pagkakataon ay gumagamit ng mga *improvised*

*drums* upang lalong sumigla ang pagkanta ng mga rebolusyonaryong awitin. Ang *improvised drums* ay itinaling mga galon—magkakaibang laki at hugis—sa mga patpat ng kahoy na inayos upang magwangis *drum set*.

Sa mga syudad, kapitolyo at sentrong bayan, ang mga naoorganisang banda ay tumutugtog na rin ng mga progresibong kanta. Naipalalaganap din sa radyo ang ilang mga awiting progresibo at rebolusyonaryo.

## Dula at Teatro

Sa alinmang pagtitipon o pangkulturang pagtatanghal, ang dula ang pinakahihintay ng masa na mapanood. Ito ang pinakasentrong palabas na kinalulugdan. Kaya't binibigyan ng mga kasama ng sapat na panahon ang paggawa ng iskrip, pagpapraktis at paghahanda ng mga props para sa ipalalabas na drama upang malubos ang kasiyahan ng mga manonood.

Mula dekada '70, ang karaniwang tema ng dulang itinatanghal tuwing may okasyon ay ang kalagayan ng masang magsasakang binubusabos ng asendero, ang pagkamulat nito at paglaban, ang militarisasyon at ang pagsampa ng mga kabataan sa BHB. Malungkot at seryoso ang mga dulang ito ngunit may masaya at palabang wakas.

Pero kahit karaniwan at pamilyar ang istorya, hindi nagsasawang panoorin ng masa ang ganitong tema ng dula. Ito'y dahil sarili nilang buhay at karanasan ang ipinapakita.

Umunlad na mula noon ang mga ipinalalabas na mga dula, sa sari-saring tema, klase at porma.

Noon at hanggang ngayon, agraryong rebolusyon ang pangunahing pinapaksa ng karamihan ng dula. Gayunma'y ginagawan at itinatanghal din ang sari-saring paksa, tulad ng militarisasyon, pagsampa sa hukbo, paggana ng mga organisasyong masa, kasaysayan ng PKP at BHB at iba pang temang istorikal, matibay na paninindigang magrebolusyon, sosyalismo at komunismo, at marami pang iba.

Sari-saring klase ang mga dula. May komedya, drama-sayaw-kanta, *narration* at aksyon, radio drama, radio drama-cum-action. Meron ding mima na estilong *kabuki* ang hitsura, may *puppet show*, at may monologo.

Sa iglapan at karaniwang mga pagtatanghal, gumaganap ang mga artista sa harap na mismo ng mga manonood. Ito na ang entablado ng mga gerilya. Sa mga malalaking okasyon naman gaya ng pagdiriwang ng anibersaryo ng PKP o BHB, nilalagyan ng angkop na senaryo, telon, may *costume* at meyk-ap ang mga artista, sa ilang pagkakataon ay may maskara, mga kagamitang angkop sa dula, at pati na angkop na tunog at ilaw. Hindi miminsang naipalabas sa malalaking pagtitipon ang mga dulang "*Ti Maag*

*a Lakay a Nangpatag Kadagiti Bantay*" (Ang Matandang Hangal na Nagpatag ng mga Bundok) at *"Kasaysayan ng Partido Komunista ng Pilipinas"*.

Nagiging daluyan din ng pagtatanghal ng dula ang **Radio Gil-ayab (Radio Lagablab)**, na nagsimula noong taong 2003.

Mula taong 2000, marami nang dula ang nalikha. Ang isang komedyang pumapaksa sa buhay ng magsasaka ay ang kinatha at ipinalabas ng grupong artista sa Gitnang Larangan ng rehiyon na pinamagatang *"Kunsensya"*. Sa bawat pagtatanghal, hindi iilan ang masang napapaluha sa katatawa.

Komedya rin hinggil sa malapyudal na pagsasamantala sa mga magsasaka at paglaban ng mga ito ang dulang "*Simo,*" na madalas ipalabas sa mga pulong masa sa Larangan sa Timog. Isa pang komedya ay ang "*Parasito*" na nagpapaliwanag kung paano gamutin ang sakit na malaria. Nilikha ito ng istap medikal ng rehiyon.

Nabubuo na ang mga grupong teatro at pangkultura sa loob ng hukbo – ang **Bunggoyan** (Pagsasama-sama) sa gitnang Isabela, ang **Tangguyob ti Abagatan** (Tambuli ng Timog) sa timog Isabela at ang **Siray ti Amianan** (Silahis ng Hilaga) sa Cagayan. Sa ligal-demokratikong kilusan, nakapagbuo sila ng pangrehiyong multisektoral at pangkabataang grupong pagkultura.

Hindi lamang sa hanay ng hukbo at pultaym may gumagawa ng iskrip at nagtatanghal. Dumaraming masa na rin sa mga organisadong baryo ang lumalahok sa paggawa ng iskrip at nagtatanghal ng kanilang mga drama. Nabubuo na rin ang mga grupong teatro sa ilang mga baryo sa rehiyon. Tanda ito ng pag-abante ng gawaing pangkultura at teatro.

## Sanaysay

Regular na nailalathala ang mga naisusulat na sanaysay sa pangmasang pahayagan ng rehiyon, ang **Baringkuas (Balikwas),** at ang **Radio Gil-ayab**. Pinapaksa rito ang matitingkad na pangyayari, karanasan at aktibidad na mapaghalawan ng halimbawa at aral. Halimbawa, pinaksa kung papaano nakahulagpos sa konserbatismo, ang mga unang karanasan sa kampanyang rebolusyong agraryo ang mabilis na pagtatayo ng mga organisasyong masa laluna ang antas ng ganap na samahang masa, ang mabungang pagkilos ng platun, ang matatagumpay na taktikal na opensiba, at iba pa.

Marami rin sa mga sanaysay ang nakapagpapalalim sa pag-unawa ng masa at mga kasama sa mga usapin sa buhay ng mga magsasaka, sa ekonomya at pulitika ng bansa at ng imperyalismo.

May itinatampok ding mga karanasan ng mga kasama at masa na nagsisilbing inspirasyon sa mambabasa sa pagpapatuloy sa pakikibaka.

Inilalathala sa **Baringkuas** at sa hiwalay na folio ang mga pahayag ng pagpaparangal sa mga martir.

### Sayaw at galaw

Pinopopularisa sa rehiyon ang mga katutubong sayaw - ang *tadok* at *talip* ng Isneg, ang *tadek* ng Aggay (Aeta), Ifugao at Kalinga. Pinapangunahang itanghal ang mga sayaw na ito sa umpisa, subalit iniimbitahang lumahok ang mga nanonood sa kalaunan.

Naglulunsad ng mga pagsasanay ang mga kasamang nasa gawaing pangkultura upang maturuan ang masa at Hukbo ng interpretatibong mga galaw at sayaw. Malaya, natural na parang kumikilos na hangin at alon ang galaw ng buong katawan at mga bahagi ng katawan na nagpapahiwatig ng malalim na emosyon sa iniinterpretang awit o tula.

Isinasayaw ng mga artista ng rehiyon ang mga tulang *"Loushan Pass"* ni Mao Zedong, *"Pitso Manok"* at *"Raut"* ni Ruth Firmeza, at*"Kung may Labi't Tenga Lang Sana ang Lupa"* ni Salvador Apolinario. May sayaw na rin ang awit na *"Ilaban Nagbannugan"*.

Sa ilang pagkakataon, nagpapalabas din ng shadow dance ang mga kasama sa hukbo.

### Sining Biswal

Nakatutulong ang mga nailalabas na sining biswal sa rehiyon upang madaling iparating o ipaunawa, pukawin at paalabin ang emosyon ng tumitingin hinggil sa rebolusyonaryong ideya, paliwanag at panawagan para sa pagkilos.

Nakapaloob lagi sa **Baringkuas** ang komiks strip na *Tano.* Naglalaman ito ng mga nakatatawang pangyayari, panunudyo o panunuya sa kaaway sa uri.

Nakapaglalabas na ang mga larangang gerilya ng komiks, na ang pangunahing nilalaman ay hinggil sa rebolusyong agraryo.

Sa mga selebrasyon ng anibersaryo, pulong parangal sa mga martir at kampanyang masa, gumagawa ang mga kasama sa Hukbo ng makukulay na mural. Gumagawa rin ang mga nasa hayag na kilusan ng mural tuwing may inilulunsad silang malalaking rali.

Sa ilang pagkakataong nakahimpil at may inilulunsad na aktibidad ang mga platun, gumagawa sila ng tipong-*bulletin board* na tinaguriang "*cultural wall*" na pinagpapaskilan ng mga gawang sining biswal ng iba't ibang kasama. Unang nagpapaskil nito ang mga may kasanayan sa pagdodrowing, bagay na umeengganyo sa iba pang gumawa rin.

May ilang dibuhista na ang napauunlad sa loob ng hukbo. Ang mga natatangi nilang kakayahan ang nagbibigay buhay sa mga babasahin, berbal na paliwanag at mga pangkulturang pagtatanghal.

## Mga Makabagong Porma

Upang mapaunlad pa ang gawain sa sining at panitikan at mas mabilis na maabot ang mas malawak na bilang ng masa, minamaksimisa ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon ang mga pinakahuling pag-unlad sa teknolohiya.

Noong 2003, ibrineyktru ng mga video artist ng rehiyon ang paglalabas ng isang bidyo-dokumentaryo, ang *"Rukkuas!,"(Balikwas!),* hinggil sa plantasyon ng kasaba at pang-aagaw nina Danding Cojuangco at noo'y Gobernador Faustino Dy, Jr. ng lupa mula sa mga magsasaka. Kinilala ng mga artista at manunulat ang dokumentaryong ito at nominado sa Gawad CCP para sa mga natatanging bidyo-dokumentaryo sa taong iyon.

Noong eleksyon 2004, naglabas din sila ng dokumentaryo hinggil sa kahungkagan ng eleksyon. Gumawa rin ang mga kasama ng audio-biswal na pantulong sa pag-aaral sa Espesyal na Kurso ng Kilusang Magsasaka (EKM). Libu-libo ang napagtapos ng EKM dahil dito. Ginawan din ng videoke ang kantang *"Laglagipen, Ilaban Nagbannugan."* (Ipaglaban Pinagpaguran).

Bago rin sa rehiyon ang iba pang daluyan kagaya ng radio broadcasting sa sona sa pamamagitan ng naka-cd at naka-teyp na **Radio Gil-ayab**.

## Umuunlad ang Sining at Panitikan batay sa Pagsulong ng Rebolusyonaryong Pakikibaka

Isinisilang ang bagong sining at panitikan kakambal ng pagsilang ng isang bagong mundo. Nagbibinhi at lumalago ito sa sinapupunan at dibdib ng Pulang kapangyarihang pampulitika ng mamamayan. Sumulong ito sa iba't ibang yugto mula nang simulang muli ang armadong pakikibaka at ipunla ang mga binhi ng Pulang kapangyarihan noong 1969.

Isa sa mga rehiyong unang pinagpundaran ng digmang bayan sa bansa ang Cagayan Valley. Kaya di nakapagtatakang maunlad-unlad na rin ang naabot dito ng rebolusyonaryong sining at panitikan.

Malusog na umunlad ang sining at panitikan sa rehiyon hanggang mga unang taon ng dekada 80. Panahon itong mahigpit ang hawak sa tamang linya at tuluy-tuloy na umaabante ang armadong pakikibaka at kilusang masa.

Sumuray-suray naman ito sa panahon ng mga maling linya ng SCO at konserbatismo. Sa parehong maling linya, nabitawan ang masikhay na

gawaing masa at pagluluwal ng masiglang kilusang masa. Bagamat nagpatuloy ang paglikha ng mga bagong sining at panitikan, kinakitaan ito ng pagtamlay at paghahalo ng matalas at malabnaw.

Inihudyat ng pagkakadaos ng Ikalawang Panrehiyong Kumperensya ng Partido noong 1999 ang pagpapanibagong lakas ng rebolusyonaryong kilusan. Mula 2000, nagkamit ang rehiyon ang maniningning na tagumpay at pagsulong. Lumakas at kinilala ng mas malawak na mamamayan ang kapangyarihang pampulitika at armadong lakas ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon.

Rumagasa ang kilusang masa sa paglulunsad ng rebolusyong agraryo at daan-daang libo ang nakinabang sa mga tagumpay nito. Umalingawngaw din ang tagumpay sa pagpatalsik sa mga warlord na kinamumuhian ng mamamayan. Sinaliwan ang mga malawakang kampanyang masang antipyudal, antipasista at anti-imperyalista ng ilang matutunog na taktikal na opensiba. Lumaki at lumakas ang Bagong Hukbong Bayan.

Malaking ambag sa pagpapanibagong sigla ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon ang mga nalikhang sining at panitikan ng mga kasama. Hindi nasasaid ang bukal ng mga likhang sining at panitikan na nagiging daluyan ng kasiglahan sa panahon ngayon ng mga pagsulong at tagumpay.

**”Ipinta ng pula ang tagsibol ng mga bundok”**

Nakalikha na ang mga manunulat at artista sa rehiyon ng maraming porma ng mga obra. Magpapaunlad pa sila ng nilalaman ng mga obra at katha., gayundin ng higit pang pagpapaunlad sa porma o pamantayang artistiko.

Mulat na nag-aaral, nagsusuri at nakikipamuhay sa masa ang marami-raming manunulat at artista sa rehiyon kapwa iyong mga kumikilos sa mga sonang gerilya at sa mga lunsod at sentrong bayan. Sa gayon, hindi nagiging abstrakto ang kanilang mga gawa.

Pinalalalim nito ang nakikitang emosyon sa mga mukha ng masang naagawan ng lupa, ng kawalan ng pag-asa sa gitna ng pagkatuyot ng mga pananim, ng liwanag sa mukha ng mga napamulatan at naorganisa, ng kasiyahan sa naipagtagumpay na laban sa usurero, ng kagalakan sa pagkaparusa ng mga militar na pumapasista sa kanila, ng malugod at mainit na pagsalubong sa hukbo nila. Nagiging buhay at puno ng emosyon ang nalilikhang mga drowing, awit, tula, sanaysay, kuwento at iba pa.

Sa lahat ng sulok ay palalaganapin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang marami nang nagawang obra sa nagdaang kasaysayan ng rebolusyonaryong kilusan sa Cagayan Valley.

Buong pagsisikap pang itinataas ang antas ng artistikong pamantayan ng mga likhang sining at panitikan. Sinusundan ang yapak ni Lu Xun, ang dakilang rebolusyonaryong manunulat sa Tsina. Ayon sa isa niyang tula:

*”Ang hangin mula sa kapitolyo ay nagpadilim sa kagubatan*
*Namatay ang mga bulaklak sa makulimlim na kalangitan*
*Hindi ka ba makalilikha ng bagong uri ng sining,*
*At gumamit ka ng pulang tinta upang ipinta ang tagsibol ng mga bundok?”*
(Mula sa *”Para sa Isang Pintor,”* Lu Xun, 1935)

.Gaya ni Lu Xun, nais natin na magkaroon ang mga manunulat at artista ng malayuang pananaw, at lumikha ng isang bagong daigdig ng mga rebolusyonaryong mithiin.

*Sanaysay*

# MASAGANANG ANI PARA SA KILUSANG MAGSASAKA

ni *Guillermo Camarag*

TULAD NG ULAN SA MAHABANG TAGTUYOT. Ganito kumintal sa isip ng masa sa iba't ibang dako ng Cagayan Valley ang dumaluyong na mga pakikibakang magsasaka sa nagdaang dalawang taon. Sa 13 bayan sa mga probinsya ng Isabela at Cagayan, dumagsa ang ilampung libong nagbubungkal sa mga poblasyon upang igiit at kamtin ang kanilang mga adhika. Panahon ito ng paghulagpos ng kimkim na damdamin, ng pagbulalas ng sikil na boses, ng paghahayag ng lakas. Mistulang may piging ang mga api!

Pinakahihintay-hintay nilang "ulan ito". Totoo, tuwi-tuwinang inaaburido ng El Nino ang kanilang mga pananim. Pero mas malala pa kaysa karaniwang tikag ang dahilan ng kanilang hinagpis. Pagkat sa matagal na panahon tuwing anihan, tuyot ang kanilang kita. Hindi pa dahil walang aning dulot ng pagod nila, kundi dahil sakmal ng iba ang bunga ng kanilang paglikha.

"Sangkabirokan, sangkasaangan," ang larawan ng buhay ng kalakhan ng mga magsasaka sa rehiyon. Pantugon lamang ang arawan nilang kita sa pagkain ng kanilang pamilya sa isang araw. Kundi sila nabubuhay sa pagbebenta ng lakas paggawa kapalit ng napakababang arawang sahod, nagtatanim sila ng mais, palay, saging o gulay sa maliit na pirasong lupa, na kadalasa'y hindi sa kanila.

Karamihan sa kanila ay nagtatanim ng "yellow corn". Daan-daanlibong sakong binhi nito ang inihahasik at tumutubo sa kalawakan ng mga kapatagan, gumagapang paakyat sa mga burol at kabundukan, at, sa pag-unlad ng paggawa ng herbisidyo, umaakyat na hanggang sa mga talampas at tuktok ng mga bundok, sumagasa sa mga talahiban, pumapalis sa dating malalawak na sagingan, at kumakatok hanggang pinto ng manipis nang erya ng kagubatan.

Ilang milyong kilo ng mais ang linggu-linggong hinahakot sa mga bodega sa mga bayan-bayan ng mga trailer truck papunta sa mga empresa ng malalaking kumpanya ng feeds? Ilandaang libong sako ng mais! Mayamang aning pruweba sa kasipagan ng mga magsasaka.

Mayamang ani—na hindi nangangahulugan ng malaking kita rin ng masa. Dahil ang kakambal ng pagdami nito'y hindi ang laman ng bulsa ng mga nagpagod, kundi ang ganansya ng mga nanghuthot. At ang kakambal ng paglaki ng ganansya ng mga nanghuthot ay ang pagliit ng kita ng mga nagpagod.

'Wag magsalita. Kahit tinatagpas nina usurero ang malaking parte ng kita ng masa dahil napakataas ang painteres nila. Maski patung-patong na abrakadabra ang gawin nila para awasan pa ang natirang kita at dagdagan pa ang bunton ng ganansya. Kahit ilitin ang kalabaw at lupa sa sandaling di makabayad ang masa sa halagang sila ang nagtakda.



'Wag kumibo. Maski hingin na ng komersyante ang pinagpagurang produkto dahil sa kaybabang presyo ng pagbili rito. "Kapag tayo ang bumili ng paninda nila, komersyante ang nagtatakda ng presyo; kapag tayo naman ang nagbenta ng ating produkto, sila pa rin ang nagtatakda ng presyo." Ito ang madalas na buntonghininga ng mga magsasaka.

'Wag magsalita at kumibo dahil baka di na sila magpautang at wala kang lakas na makipaggiitan. Makapangyarihan sa ekonomya at pulitika ang mga usurero-komersyante. Kontrol nila ang puhunang sinasandalan ng kalakhan ng mga magsasaka para makapagtanim at mabuhay. Malakas ang tinig nila sa lokal na poder, kundiman sila ang nakaupo sa poder.

Pero hindi lamang si ganito at ganyang usurero ang sakit ng ulo ng masa. Gayundin ang mga nag-aruga sa kanila at kaparte nilang nagpapasasa ng ganansya mula sa produksyon ng mais. Silang mga may-ari ng San Miguel Corporation, Ayala Corporation at RFM na nagpapagana sa mga kumpanya ng feeds at abono. Sila ring mga nagdidiyus-diyosan sa

produksyon ng binhi at pestisidyo sa buong mundo—ang mga dayuhang korporasyong Syngenta at Monsanto.

Sa katunayan, ang sistemang usura-komersyante sa Cagayan Valley ay isa lamang sa iba't ibang anyo ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa masa. Nakaugat ang mga ito sa sistemang nagsisilbi sa mga panginoong maylupa, burgesyang kumprador at dayuhang korporasyong transnayunal.

Ah, kaytagal dampian ng ulan ang tigang na lupa. Bago ang daluyong ng kilusang magsasaka noong 2003 at 2004, di iilang beses na nawawalan na ng pag-asa ang masa. Mahabang pagtitiis ang dinaanan nila. Sa ganyang pagkakataon, naaalala nila ang mga karanasan at salaysay sa nagdaan ng mga kapwa nila dalita. Tungkol ito sa mga pagkilos ng mga magbubukid laban sa pangangamkam ng kanilang lupa at para pagbutihin ang kanilang kalagayan.

Tampok na salaysay ang "Agraryong Rebolusyon" sa mga bayan ng Silangang Cagayan noong huling bahagi ng dekadang 70. Nuo'y maraming benepisyo ng mga maralita ang nakamit ng kanilang sama-samang pagkilos. Duo'y nabaliktad ang mundo! Ang dating sistemang pinangingibabawan ng mga asendero't kasabwat nila ay naging kaayusang pinangingibabawan ng mga mahihirap.

Tampok din ang mga pagkilos ng ilampung libong magsasaka ng Hacienda Sta. Isabel at San Antonio sa Isabela noong mga unang taon ng dekadang 80. Buong tapang nilang nilabanan ang mga makapangyarihang taong gaya nina Danding Cojuangco at AFP. Lalo silang tumatag sa harap ng pagbubuwis ng buhay sa kanilang hanay. Sa huli, naigiit ng masa na ariin ang lupang dati nang sa kanila, at dapat lang na sa kanila.

Alam nila kung sino ang nagbigay-lakas at umilaw sa landas ng pagkilos ng masa sa mga panahong iyon. Ang Partido Komunista at Bagong Hukbong Bayan, ang partido at hukbo ng mga pinagkakaitan. Kaya sa mga sandaling 'di maaninag ang pag-asa'y tinatanong nila: "Asan na ang gabay namin, ang ilaw sa gabing pusikit?"

Sa buong kasaysayan ng Cagayan Valley mula pagtatapos ng dekadang 60 ay laging naririyan ang Partido at Hukbong Bayan. Nanduon sila saan man may masang dinudusta. Pero may mga patlang ang kasaysayan sa usapin ng Agraryong Rebolusyon. May mga panahon na maluwag itong napanghawakan.

Sa panahon ng adbenturismong militar mula kalagitnaan ng dekadang 80 hanggang kalagitnaan ng dekadang 90, nabitawan ng Partido at BHB ang "Agreb" bilang isa sa mga susing gawain sa kanayunan. Hindi naikasa ang rebolusyonaryong kilusang magbubukid upang kamtin ang minimum na programa ng "Agreb". Hindi rin ito naharap sa panahon ng Ikalawang



Dakilang Kilusang Pagwawasto dahil pumaling naman ang kilusan sa rehiyon sa konserbatismo.

Sa Panrehiyong Kumperensya ng Partido sa Cagayan Valley noong 1999 na lamang naituwid ang mga pagkukulang ng adbenturismo at konserbatismo. Dito muling pinanghawakan ang pangunahing pagpapahalaga sa "Agreb". Kumulog at kumidlat at ipinahiwatig ang pagdatal ng malakas na ulan.

Mga "pag-ambon" muna noong simula. Nailunsad ang mga maliitang pagkilos ng masa sa mga purok at baryo. Nilabanan nila ang pangangamkam ng lupa. Ipinaglaban ang pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid. Ipinababa ang upa sa lupa. Ipinataas ang presyo ng saging at iba pang produkto nila. Ipinababa ang upa sa thresher, patubig at iba pang gamit pambukid.

Isinulong din ng mga organisadong magbubukid ang pang-araw-araw nilang kilusan sa anyo ng mga pangkat-tulungan. Palitan ng lakas-paggawa ang kadalasang paggana ng mga ito. Kung minsa'y pagpapatakbo ng kooperatiba at sakahang komunal. Sa kabuuan, itong mga maliitang pagkilos ay pagsasanay lamang ng kilusang magbubukid para sa ilulunsad na mas masasaklaw na pakikibaka.

Higit 12,000 masa ang lumahok sa mga kumprontasyon. Humigit-kumulang 300,000 mamamayan ang nagtamo ng makabuluhang mga benepisyo bunga ng mga pagkilos na ito.

Unang bumuhos ang ulan noong Mayo 2001. Sa bayan ng Namnama, Isabela, pumutok at nagtagumpay ang unang saklaw-bayang pakikibaka laban sa usura at pandaraya. Kinumpronta ng 1,000 magbubukid ang mga usurero. Iginiit at nakamit ang pagpapababa ng 50 porsyento sa umiiral na interes sa pautang, pag-aalis sa iba't ibang anyo ng pandaraya, pagpapataas ng presyo ng mais at iba pa.

Noong 2002 naman nagtagumpay ang paglaban sa dalawang tipak ng mga baryo sa bayan ng Balligi, Cagayan. Kinumpronta ng higit 600 magsasaka ang mga usurero sa tipak ng 14 na baryo sa bayan ng Santan noong Hulyo. Oktubre naman nagtagumpay iyong sa pangalawa nitong tipak.

Taon 2003 nang saklawin ng mga kampanya ang iba't ibang panig ng rehiyon. Dinumog ng mga pagkilos ng masa ang mga poblasyon para

kumprontahin ang mga nagsasamantala sa kanila. Nangibabaw ang boses ng mga dating kimi. Nagtangka namang umilag o nag-alangang tumanggi ang mga nagpapanggap na "hari". Laban sa usura at pandaraya ang umaalingawngaw nilang sigaw.

Magkakasunod na nagtagumpay ang mga pakikibaka sa mga bayan ng Isabela. Sa bayan ng Ibayo, 1,000 magsasaka mula sa 30 baryo ang dumalo sa kumprontasyon sa sentro ng bayan. Sa bayan ng Jose, 1,200 pa mula sa 16 na baryo ang nakikumpronta. Sa bayan ng Namnama, na naunang nagtagumpay noong 2001, umabot sa 7,000 mula sa halos lahat ng baryo ng bayan ang kabuuang masang lumahok mula sa isang kilometrong martsa hanggang kumprontasyon sa simbahan sa poblasyon. Ilang libo pa ang dumalo sa sumunod na kumprontasyon sa Baggak, Isabela. Kasunod nito ang lima pang bayan sa Cagayan.

Nagtuluy-tuloy ang masaklaw na kilusang magsasaka noong 2004. Sa gitna ng ingay at garbo ng burges na halalang 2004, itinaas at pinatampok ang Pulang bandila ng Agraryong Rebolusyon. Sa West Cagayan, inilunsad ang matagumpay na kumprontasyon na nilahukan ng 3,000 masa mula sa tatlong bayan. Kinumpronta rin ng mga magsasaka sa kapitolyo ng Isabela ang mga usurero. Liban sa mga ito, muling nagkasa at nagtagumpay ang mga pakikibaka sa ilang bayan na dati nang nagwagi noong 2003. Dagdag na nakamit ang kahilingang hindi magbabayad ng interes ng pautang sa panahong may kalamidad.

Namalas ang kabayanihan ng masa. Sa sama-samang pagkilos nila nadama ang kanilang lakas, lumakas ang kanilang tinig, umagos ang kanilang sigasig at pagkamalikhain, at tumigas ang kanilang kapasyahan. Lalo't alam nilang tinatanglawan sila ng Partido at Hukbo. Napaatras at naitulak nila ang mga mapagsamantalang uri na bumigay sa kanilang mga kahilingan. Sabi nila, "Kami ang nagpapakain sa lipunan, kaya dapat kami ang masunod!"



Liban sa pangkabuhayang benepisyo at pagpapamalas ng pwersa, nakamit din ng masa ang iba pang malalaking tagumpay. Sa mga kampanyang masa, platun-platun ang katumbas ng bilang ng napapasampa sa BHB mula sa mga baryo at kilusan sa kalunsuran. Dumami ang mga kabataang magsasakang naengganyong mag-Hukbo bunga ng napatunayan nilang katapatan ng BHB na ipaglaban ang kanilang interes at pangangailangang palakihin ang BHB para lalong maipaglaban ang kanilang kapakanan. Dumami rin ang mga integri mula sa lungsod na nagpasyang buong-

panahong kumilos sa kanayunan bunga ng nasaksihang sigla ng pagkilos ng masa at sigasig ng Hukbo na ipaglaban ang interes ng masa.

Ilang platun pang milisyang bayan ang nabuo. Ilandaang kasapi ng Partido at ilampung Sangay ng Partido sa Lokalidad ang naitayo. Naitatag ang ilampung mga ganap na samahang masa ng Pambansang Katipunang Magbubukid, Makibaka at Kabataang Makabayan, ilandaang komiteng pang-organisa ng mga ito at daan-daan pang grupong pang-organisa.

Ilanlibong aktibistang sanay sa gawaing propaganda, edukasyon at organisasyon ang lumitaw at napanday. Nahasa ang mga aktibista sa pagsasalita sa mga kilos-protesta, sa mga istasyon ng radyo, sa mga pulong baryo at mga kumprontasyon. Natuto sila sa mga taktika ng pakikitunggali-sa-uri katulad ng kung paano biguin ang mga maniobra ng mga usurero upang iligaw ang kilusang masa o bawiin ang nakamit nilang tagumpay.

Makabuluhang pagpupundar ito ng rebolusyonaryong kilusan para sa panibagong mas malalaking sagupaan.

Di lamang inihudyat ng mga ulan ng 2003 at 2004 ang pagtatapos ng mahabang tagtuyot. Ibinadya rin ang napipintong pagdating ng isang makapangyarihang sigwa.

---

*Tikag*- tagtuyot
*Sangkabirokan, sangkasaangan*- Isang kahig, isang tuka

# SILANG MGA HUWARAN

ni *Epifanio Kabanayan*

SILA ANG MGA MARTIR NG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG rebolusyon. Kinakatawan nila ang lahat ng mga kasamang walang pag-iimbot na nag-alay ng kanilang buhay alang-alang sa sambayanan.

Katangi-tanging pamana nila sa atin ang diwa ng pagpapanguna nila sa interes ng mamamayan nang walang anumang pagsasaalang-alang sa sariling kapakanan.

Bilang pagpupugay at pagkilala sa kanilang natatanging mga ambag sa pagsusulong ng rebolusyon sa Hilagang-Silangang Luzon at sa buong bansa, ipinangalan sa kanila ang mga larangang-gerilya sa rehiyon. Ito ay tanda na ang mga martir ng rebolusyon ay hindi malilimutan ng bayan at ng uring anakpawis hanggang sa mga susunod, at susunod pang, salinlahi.

## FORTUNATO CAMUS



Isa sa mga susing kadre sa pag-ugat ng Partido at ng Bagong Hukbong Bayan sa Hilagang Silangang Luzon si Fortunato “Ka Norman” Camus.

Tubong Asturias, Cebu si Fortunato “Ka Norman” Camus. Ipinanganak siya noong Hulyo 1949 sa isang nakaririwasang uring mataas na petiburgesya. Nagtapos siya ng kursong Political Science sa Unibersidad ng Pilipinas. Nag-aaral siya noon ng abogasya nang naorganisa sa Samahang Demokratiko ng Kabataan (SDK), isang pambansa-demokratikong organisasyon ng mga kabataan-estudyante noong 1970.

Taong 1971 nang maitalaga si Ka Norman sa Isabela upang magsanay sa Rebolusyonaryong Paaralan ng Kaisipang Mao Zedong, isang paaralang itinatag ng Komite Sentral para sanayin ang mga kadreng magpapatupad ng armadong pakikibaka sa buong bansa.

Naiwan si Ka Norman sa Isabela pagkatapos ng pagsasanay at naitalagang Komisar Pampulitika ng Unang Pulang Kumpanya ng BHB na nabuo noong 1971.

Isang magiting na kumander si Ka Norman. Pinamunuan niya ang unang tatlong taktikal na opensiba pagkatapos maideklara ang Martial Law. Isa rito ang reyd sa kampo ng Philippine Constabulary sa Dipacamo, San Guillermo, Isabela, na pinapurihan mismo ng Tagapangulong Amado Guerrero sa kanyang pahayag na, “Digmang Bayan ang Sagot sa Martial Law”.

Nang mabuo ang Ikalawang Pulang Kumpanya ng BHB, si Ka Norman ang itinalaga ng Partido na kumander nito. Sumaklaw ang Coy B sa Echague, Jones, San Agustin at kalahati ng San Guillermo.

Modelo siya ng katatagan sa gitna ng kahirapan at masalimuot na kalagayan. Sa panahon ng sunud-sunod na operasyong militar, at sa panahong nawala ang baseng masa dahil sa pagpapalikas ng kaaway, tuluy-tuloy na pinatibay ni Ka Norman ang moral ng mga kasama.

Nang binuo ang Red Detachment 4 (RD4) na magpapalawak sa Quirino at Aurora, si Ka Norman ang naitalagang opisyal pampulitika nito. Sa harap ng malaking reaksyon ng kaaway, napilitang lisanin ng Hukbo ang larangan sa Aurora noong kalagitnaan ng 1975. Kasama ng mga Pulang masa na nagpasyang mag-hukbo, tumungo sa Isabela ang RD4.

Kalaunan, nabuo naman ang Red Detachment 5 na nagpalawak sa Central Luzon, sa ilalim ng pamumuno ni Ka Norman. Ang pagpapalawak ng RD5 ay malaking hakbang sa pagbubukas ng larangang gerilya na sa susunod ay naging rehiyong Silangang-Gitnang Luson. Mula noon, hindi na naiwan ng BHB ang Central Luzon; tuluy-tuloy nang umabante ang rebolusyon dito.

Sa rehiyong ito nagbuwis ng buhay si Ka Norman, sa isang kubkob ng kaaway sa Baler, Aurora noong 1975.

Bilang pagkilala sa kanyang kadakilaan, ipinangalan sa kanya ang Pangrehiyong Kumand ng Operasyon ng BHB sa Cagayan Valley noong 1999.

## HENRY ABRAHAM



Sapilitang napahinto noong Abril 18, 1999 ng di-mabilang na tama ng bala ang 26-taong pagkilos ni Henry “Ka Ariel” Abraham sa kasagsagan ng pag-oorganisa ng mga magsasaka sa Barangay Dadda, Amulung, sa probinsya ng Cagayan. Hindi sumuko ang nakubkob na iskwad ng BHB. Magiting na

lumaban sina Ka Ariel kahit 3 Combat Groups (di bababa sa 150 tropa) ng 41st Infantry Battalion ng AFP ang kanilang nakaharap.

Taong 1973 nang namulat si Ka Ariel sa kanyang probinsya sa Sorsogon. Isa siya sa mga tumangging manumpa ng katapatan sa Bagong Lipunan ng pasistang rehimen ni Marcos. Sa UP Los Banos, habang nag-aaral sa kursong BS Statistics, nagpatuloy ang aktibismo ni Ka Ariel.

Hindi lamang minsan na hinikayat siya ng kanyang pamilya na sumama na sa kanila sa Amerika at doon manirahan. Lagi't lagi niyang tinanggihan ito. Aniya, "Hindi ko kayang talikuran ang higit na makabuluhang paglilingkod sa ating bayan."

Sa paglalim ng kanyang pag-unawa sa tunggalian ng mga uri sa lipunan, pinili niyang pagsilbihan ang mga manggagawa at maralitang tagalungsod. Taong 1977 nang ganap niyang tinalikuran ang maalwang buhay at nagpasyang kumilos bilang pultaym na organisador.

Huwarang kadre sa mga kasama't mga anak si Ka Ariel. Sinikap niyang punuan ang kawalan niya sa pamamagitan ng regular na pagsulat sa kanyang mga supling. Hindi siya nagsawang magpamulat sa kanila upang ipaunawa na higit na mahalaga ang paglilingkod sa masa kaysa sa paghangad ng pansariling dangal, materyal na yaman at karangyaan.

Sa sulat niya sa panganay na anak, aniya'y hindi lamang para sa hinaharap ng kanyang mga anak ang kanyang ipinaglalaban, kundi para sa "hinaharap ng lahat ng batang mahihirap…" Mulat siyang hubugin ang mga supling sa simpleng pamumuhay. Sa sulat nito sa isa pang anak: "....Pasensya ka na kung sa pagtingin mo ay kulang ang iyong baon. Nabubuhay tayo mula sa suporta ng mga manggagawa at magsasaka. Ang aming buhay ay nakalaan para palayain ang mamamayan sa kahirapan, ganoon din ang kanilang mga anak. Kung may kulang man sa inyong baon, magbaon ka na lang ng pagkain. Maaaring hindi mo mabili ang gusto mong laruan. Pero marunong ka namang gumawa. Marami ka na palang naimbentong mga laruan..."

Sa tanglaw ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, masigasig siyang tumugon sa panawagan ng Partido na tumungo sa kanayunan at lumahok sa armadong pakikibaka. Isang namumunong kadre ng Komite ng Partido sa Manila-Rizal si Ka Ariel nang kusa siyang nagpalipat sa Cagayan Valley noong huling kwarto ng 1998.

Sa maikling panahong inilagi niya sa rehiyon, kinakitaan siya ng rubdob at sigasig sa pagsusulong ng mga gawain. Ibinuhos niya ang kanyang lakas

at dunong upang ipatupad ang mga hamon at tungkulin ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto.

"Nauunawaan ko na, ang ginawa ni Tatay ay hindi lang para sa amin kundi para rin sa lahat ng bata sa buong Pilipinas. Hangad niya ang magandang kinabukasan para sa mga anak ng magsasaka, manggagawa at lahat ng maralita," pagmamalaki ng pangalawang anak ni Ka Ariel.

Ipinangalan kay Ka Ariel ang larangan sa Silangang Cagayan noong 1999.

## DANILO BEN



Kinakatawan ni Danilo Ben–na nakilala rin bilang Ka Sol, Ka Ibay, Ka Nolan at Ka Amian – ang henerasyon ng kabataan na namulat, naorganisa at napakilos ng kilusang pambansa-demokratiko sa unang mga taon ng batas militar na ipinataw ng pangkating U.S.-Marcos noong Setyembre 1972.

Si Ka Nolan ay aktibistang manggagawa sa malaking kumpanya ng konstruksyong AG&P sa La Union. Doon siya panimulang nagsagawa ng gawaing masa sa hanay ng mga kapwa manggagawa. Noong panahong iyon, marahas na ipinagkakait ng pasistang diktadura sa masang manggagawa ang kanilang mga nakamit na tagumpay sa ilang dekada nang pakikibaka laban sa malalaking kapitalista bago mag-batas militar.

Nahuli si Ka Nolan, kasama ang dalawa pang nakababatang kapatid, ng mga ahente ng diktadura sa Maynila noong 1974. Nang siya'y makalaya noong 1975, nagtungo siya sa Isabela. Wala na siya sa Metro Manila nang bumulwak ang makasaysayang kilusang welga ng mga manggagawa noong 1975-1976 na nag-umpisa sa La Tondena. Ngunit malaki ang kanyang ambag sa muling pagpapasigla sa kilusang manggagawa na nagbunga ng kauna-unahang bugso ng mga welga sa loob ng batas militar.

Mula 1975, nanungkulan si Ka Nolan sa Hilagang Silangang Luson. Naitalaga siyang Kumander ng Regional Operational Command mula 1987-1992. Bilang kumander nito sa loob ng halos sampung taon, napanatiling nakawagayway ang pulang bandila ng kapangyarihan ng sambayanan. Bagamat nasa panahon ng paglihis kung saan naging tampok ang Marag Valley, ang kabayahihang ipinamalas ng mga kasama sa pagtatanggol ng base ay hindi matatawaran. Isa si Ka Nolan sa mga namuno sa pagtatanggol

ng kapakanan ng masa sa lugar at iba pang bahagi ng Dulong Hilagang Luson at bilang Kumander ng sektor ng Cagayan-Apayao.

Sa kanyang pamumuno, naalpasan ang mga matitinding operasyon ng kaaway sa erya: ang Red Buster II ng 5ID sa Kanlurang Cagayan at Apayao noong 1987 at ang Oplan Salidum-ay sa North Apayao, partikular sa Marag Valley, noong 1990. Halos araw-araw na bombahan at labanan ang naranasan sa mga panahong ito.

Ilang ulit nilang binigo ang pagsalakay ng kaaway mula 1988-1991. Napakadakila ng kanilang pagsisikap na ipagtanggol ang baseng gerilya, bagamat ito ay wala sa panahon. Kahit ang kaaway ay kumilala sa kanilang kagitingan at katapangan sa pagtatanggol sa masa at sa pagkamapanlikhaing lumaban sa kabila ng kakapusan ng halos lahat ng bagay.

Pinanghawakan ni Ka Nolan ang prinsipyo ng mulat na disiplina. Nang tukuyin ng Komite Sentral ng Partido sa ika-10 Plenum nito noong 1992 ang malalaking paglihis sa linya, isa si Ka Nolan sa maraming nakinig at nagsuri sa kanilang mga karanasan. Isa rin siya sa mga kasamang unang tumugon sa Kilusang Pagwawasto.

Sa mga kasamang katulad ni Ka Nolan, ang rebolusyon ay kanilang buhay. Kaya naman sa kabila ng matinding mga atake ng malarya (na naging sanhi ng kanyang pagkamatay) na dinanas niya sa mga bulubundukin ng Cagayan Valley, nanatili siya roon habang isinasagawa ang mahahalaga niyang rebolusyonaryong tungkulin.

Ipinangalan kay Ka Danilo Ben ang larangan sa Kanlurang Cagayan noong 1999.

## REYNALDO PIÑON

Lipos ng kahirapan ang buhay ni Reynaldo "Ka Siso" Piñon. Galing siya sa uring maralitang magsasaka sa Sityo Cusipay, Bunugan, Baggao. Nabuhay sila sa pagkakaingin. Ikalawa siya sa apat na magkakapatid, maaga silang naulila sa ama at hindi na nito natapos ang Grade II. Hindi naging mahirap na unawain at tanggapin ang rebolusyon.

Una siyang naipaloob sa Grupong Pang-organisa (GP) ng Samahang Kabataang Makabayan sa baryo at, hindi nagtagal, sa komiteng pang-organisa (KP) nito. Pinamunuan niya ang Subkomite sa Depensa.

Naging kasapi siya ng Lokal na Sangay ng Partido noong 1977. Naipaloob din siya sa Milisyang Bayan nang mabuo ito sa huling bahagi ng taong iyon. Ginampanan niya ang pamumuno sa gawaing komunikasyon. Habang nasa milisya, tampok ang kaagapan niya sa pagpapaabot ng impormasyon hinggil sa kilos ng kaaway; ang walang alinlangang pangunguna sa pagtaliba at paggiya sa mga kasama.

Kalagitnaan ng 1978 nang magpasya siyang sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. Una siyang naitalaga sa platun sa noo'y Distrito ng 'Bagnos' (Baggao-Iguig-Penablanca) sa Cagayan. Nang mabuo ang yunit panlaban sa ilalim ng Area Party Committee (APC) ng East Cagayan, isa siya sa mga naitakdang team lider. Kinilala ang husay niya bilang mandirigma sa panahon ng labanan at ang pagiging huwaran niya sa pamumuno at pagsunod sa mga patakaran.

Pinuri din si Ka Siso sa kanyang pagiging bukas at hindi pamimili ng gawain at disposisyon, gaano man kahirap ang kalagayan. Lagi nitong inilalaan ang kanyang pinakamahusay sa paggampan. Sa loob na ng Hukbo natutong magbasa, magsulat at magkuwenta si Ka Siso, mga bagay na ipinagkait sa kanya ng naghaharing sistema. Pursigido siyang nag-aral at natuto ng wikang Pilipino.

Itinalaga siya sa Isabela noong huling bahagi ng 1982. Hindi niya inalintana ang pagkakalayo sa kinalakihang lugar at maging sa kasamang kanyang nililigawan. Nasa pamunuan siya ng platun noong maagang bahagi ng 1982 at kagawad ng Komiteng Tagapagpaganap ng Sangay ng Partido sa loob ng platun ng panlabang yunit.

Sa sumunod na mga taon, naitalaga siyang iskwad lider sa SYP sa San Pablo at Cabagan, Isabela at bahagi ng Penablanca sa Cagayan (SAPOC).; pangalawang platun lider ng Yunit Sentro at kagawad ng seksyong komite nito; kagawad ng komiteng distrito ng 'Hulagpos' (San Mariano, Benito Soliven, Naguilian, Cauayan) at naging kagawad ng komiteng larangan na sumasaklaw sa Benito Tesorio Front (Timog Isabela at Quirino). Naitalaga siyang kumander nito.

Bilang kadre, tampok kay Ka Siso ang pagiging mapagpakumbaba at pagiging malapit nito sa masa at sa mga kasamang pinamumunuan. Mahigpit na nakikipagkonsultahan lagi sa mga kasama at masang ginagabayan. Masigla sa pangunguna sa mga gawain— sa gawaing

teknikal, gawaing masa o gawaing militar. Habang hindi rin nakalilimutan ang paglalaan ng oras sa pag-aaral.

Nang magbuwis si Ka Siso noong 1988 sa Macayucayu, San Mariano, nang maengkwentro nila ang kaaway, kinuha ng masa ang kanyang bangkay at binigyan ng payak na libing at parangal. Sinadya nilang ilibing ito sa isang krosing na daanan ng masa papuntang kabayanan. Katuwiran nila, gusto nilang manatili sa kanilang alaala ang maalalahanin at mapagmalasakit na kasamang si Ka Siso.

Ipinangalan kay Ka Siso ang larangan sa Gitnang Isabela.

## FILOMENA ASUNCION



Tubong Aga, Delfin Albano, Isabela si Filomena “Ka Lumen” Asuncion. Nagmula siya sa maralitang magsasaka at isa sa mga pinakamahuhusay sa klase mula elementarya hanggang hayskul. Nakapagtapos siya noong 1974 sa kursong AB major in Christian Education sa Harris Memorial College, kolehiyo ng United Methodist Church in the Philippines (UMCP).

Nagtrabaho siya bilang isang diakonesa (woman church worker) sa iba’t ibang simbahan ng UMCP sa Isabela. Bilang diakonesa, napamulatan siya ng mga aktibistang kabataan at diakonesa sa loob ng UMCP. Madali niyang niyakap ang pakikibaka dahil nagisnan niya mismo ang kalagayan ng masa na isang kahig, isang tuka. Hindi nagtagal, naging kasapi siya ng lihim na pambansa-demokratikong organisasyon ng mga taong-simbahan, ang Christians for National Liberation.

Kumilos si Ka Lumen at nagpamulat din sa mga miyembro ng simbahan laluna sa mga kabataan. Mahusay siyang kumanta at mag-gitara, at isa sa mga nagbigay-sigla sa gawaing kultura sa loob ng kilusan.

Kasama siya ng mga organisador na naghanda ng sonang gerilya sa Kanlurang Isabela noong 1979-1980. Isa si Ka Lumen sa nagtaguyod ng karapatan ng kababaihan, kahit pa nasa loob ng simbahan na nagdadala ng pyudal at burges na mababang pagtingin sa kababaihan. Pinaunlad pa niya ang kanyang sarili, ang kanyang talino at kakayahan, upang mapangibabawan ang makitid na pananaw sa kababaihan bilang mahina’t maliit ang kakayahan. Sumama siya sa kilusan na tunay na magpapalaya sa kababaihan sa pamamagitan ng paglahok sa rebolusyon.

Kalahok si Ka Lumen sa malalaking pagkilos sa isyu ng Hacienda San Antonio-Hacienda Sta. Isabel noong huling bahagi ng dekada ‘70 at unang bahagi ng dekada ’80. Libu-libo ang napakilos nila sa Mallig Region upang sumuporta sa ipinaglalaban ng masa sa dalawang hacienda. Kasama siya, at ang iba pang taong simbahan, sa pakikihamok ng masang magsasaka laban sa pangangamkam ng lupa ng rehimeng Marcos at ng panginoong maylupang si Danding Cojuangco.

Tuwang-tuwa siya noong pinasumpa siya bilang kasapi ng Partido noong 1979. Ipinagmamalaki niya ito bilang malaking karangalan, at inimbitahan niya sa kanyang pagsumpa ang kasamang unang nagpamulat sa kanya.

Noong 1982, sumampa sa BHB si Ka Lumen. Iniwan ang buhay ng isang umangat na maralita tungong petiburges, at niyakap ang buhay ng hukbo ng mamamayan. Ikinasal siya noong taon ding iyon kay Ka Dino, isang matagal nang kakilala at kasama sa simbahan na naunang sumapi sa Hukbo.

Naging kagawad siya ng Komiteng Seksyon sa BHB na kumilos sa Silangang Ilagan. Dito na niya iginugol ang huling taon ng kanyang dakilang buhay, hanggang sa masawi sa isang labanan noong Hulyo 1983.

Ipinangalan kay Ka Lumen ang larangang gerilya sa Hilagang-Kanlurang Isabela.

**BENITO TESORIO**

”Sa kapatagan ang ating susunod na pagkikita!” Punumpuno ng optimismong pamamaalam ni Benito “Ka Lito” Tesorio sa nakababatang kapatid na si Ka Dandoy, pagkatapos ng Unang kumperensya ng Partido ng Hilagang Silangang Luzon.

Sa kumperensya ring ito, nahalal bilang kagawad ng Komiteng Tagapagpaganap-Komiteng Rehiyon si Ka Lito. Naitalaga rin siyang kalihim ng Distrito 2 sa Isabela na sumaklaw mula Ilagan hanggang San Pablo, at bahagi ng Penablanca.

Tubong Uminggan, Pangasinan ang pamilya Tesorio. Sa kakulangan ng lupang sinasaka, nagtungo sila sa Isabela at nagbukas ng kaingin sa Namnama, Jones, Isabela noong dekada ’50.

Likas na matalino si Ka Lito. Isa sa mga nangunguna sa klase sa anim na taon ng elementarya. Ngunit hindi na ito nakatuntong sa hayskul dahil sa kahirapan.

Ang kanyang pamilya ay kabilang sa mga unang naorganisa noong nagpupundar pa lamang sa Isabela ang Partido at BHB. Noong Pebrero 14, 1972, nireyd ng militar ang kanilang purok at nahuli ang tatlo niyang kapatid. Tanging siya ang nakaiwas sa paglusob na iyon. Dito siya nagpasyang sumapi sa BHB.

Hindi hinayaan ni Ka Lito na maging sagabal sa kanyang matapat na pagpapatupad ng kanyang tungkulin sa rebolusyon ang pagkakalayo mula sa asawa't mga anak. Mula nang sumampa, hanggang sa magbuwis, minsan lamang niyang nakita ang asawa. Hindi na siya nagkaroon ng pagkakataon pang makita ang mga anak dahil sa paghigpit ng kalagayan. Kahit nabalitaan niya noong 1974 na nag-asawa na ng iba ang kanyang kabiyak, hindi humina ang kanyang kapasyahang magpatuloy sa pagkilos.

Sa loob ng Hukbo, una siyang naitalaga sa SYP na kumikilos sa Katimugang Isabela at isa sa mga naatasang magpatupad sa Task Force Karagatan. Sa pagkakabuo ng Ikalawang Pulang Kumpanya noong Agosto 1972, isa siya sa mga tumayong Platun Lider sa yunit na kumilos sa Jones at San Agustin.

Malaking hamon kay Ka Lito at sa mga kasama ang walang puknat na operasyon ng kaaway noong 1972 hanggang 1976. Tanging kamoteng-kahoy, saging at gabi ang kinakain. Kinapos sila sa asin at walang sapat na damit. Nang lumipat ang BHB sa Cagayan, naitalagang platun lider ng Regular na Puwersang Makilos si Ka Lito.

Pagkatapos ng kumperensya ng 1977, muling sumigla ang kilusang masa at armadong pakikibaka sa Hilagang Silangang Luzon. Naitalagang Kalihim ng Komiteng Probinsya si Ka Lito ng Isabela, kung saan masiglang naisulong ang pagpapababa ng upa sa lupa, ang paglaban ng mga magsasaka sa pangangamkam ng Hacienda San Antonio-Santa Isabel. Muling nabawi ang mga naiwanang baseng masa at ibayong lumawak at lumalim pa ito. Nagdugtong na ang mga larangan sa probinsya ng Cagayan at Isabela.

Nagbuwis noong 1979 si Ka Lito sa isang labanan sa Pasa, Ilagan, Isabela. Inilibing at pinarangalan siya ng masa sa nasabing bayan. Hindi man natupad ang pagkikita nilang magkapatid sa kapatagan, nagtagpo naman ang base at kilusang masa sa kapatagan ng Isabela at Cagayan.

Ipinangalan kay Kasamang Benito Tesorio ang larangan sa Timog Isabela noong 1999.

## VENERANDO VILLACILLO

ni *Mia May Paglaum*



Buo ang loob, matatag at militante sa pakikibaka. Magiit at prangka sa kanyang mga pagtingin at ideya. Siya'y mahusay magparamdam at makaramdam, sensitibo, makisig at matikas at buo ang boses. Iyan si Ka Benny na isang rebolusyonaryo, isang namumunong kadre, organisador, treynor, instruktor, komander at Pulang Mandirigma, kapanalig, asawa at ama. Mahigit dalawang dekada na ang nakakaraan ganun pa rin ang alaala ko kay Ka Benny.

Para sa iba at sa henerasyon ngayon, sino nga ba si Venerando Villacillo at ipinangalan sa kanya ang komand ng larangan sa Nueva Vizcaya-Quirino-Southern Isabela. Para sa mga nakasama at nakapanalig niya, at sa tala ng kasaysayan ng pakikibaka, si Ka Benny ay isang kahanga-hangang rebolusyonaryo at magiting na martir ng bayan. Isang martir na desaparecido ng rebolusyonaryong kilusan.

Nagmula sa Iligan City, Lanao Del Norte, Mindanao, si Ka Benny ay pang-apat sa limang magkakapatid. Ang mga magulang niya ay halos ituring na ama at ina, lolo at lola ng rebolusyonaryong kilusan sa Mindanao, dahil sa taus-puso nilang pagtanggap, pagkupkop at pag-aaruga ng mga kasama sapul ng kanilang mga anak. Malaki ang naging papel ni Ka Benny sa pagpapataas sa antas ng kamulatan ng kanyang mga magulang. Bagamat sa magkakapatid, ang kanyang nakatatandang kapatid na si Ka Bello, na kamakailan lamang ay pumanaw dahil sa sakit, ang mas naunang kumilos kay Ka Benny. Katunayan si Ka Bello ang naghikayat sa kanya na pumaloob sa Kabataang Makabayan. Mula rito ay nagtuluy-tuloy na ng pagkilos si Ka Benny. Naging kasapi ng Partido at sumampa sa Bagong Hukbong Bayan.

Estudyante pa lamang sa kolehiyo ay naging aktibista na siya sa panahon ng First Quarter Storm. Sadyang mahiyain at tahimik si Ka Benny ngunit kapag nasa mga pulong masa at harap ng libu-libong masa sa mga rally at mobilisasyon, ay biglang nag-iiba ang kanyang katauhan. Nakakaantig damdamin, nakaka-ahita at nakakapagpataas moral kapag siya'y nagsasalita at nagtatalumpati sa entablado. Isa siya sa mga militante at masigasig na lider masa sa Iligan City bago ipataw ang batas militar.

Bilang tugon sa panawagan para sa pagsusulong ng armadong pakikibaka sa kanayunan, isa siya sa mabilis na nagboluntaryo na kumilos sa sona, sa kauna-unahang “baseng gerilya” ng kilusan, sa Isabela, Hilagang Luzon. Siya si Ka Ibarra sa mga kasama at masa doon, isa sa mga buong tatag at tapang na humarap sa maraming pagsubok, nagtamo ng maraming sugat at tama sa katawan, at dumanas ng iba pang hirap at pagod mabigo lamang ang pakay ng mga kaaway na lubusang malipol ang mga rebolusyonaryong pwersa sa Isabela. Lubos siyang minahal ng mga kasama dahil sa mainit niyang pagsalo, pag-alalay sa mga sugatan at maysakit na kasama at masa sa panahon ng matitinding labanan.

Mula sa Isabela isa siya sa mga nanguna sa pagmartsa patungong Cagayan habang ang iba naman ay tumungo ng Cordillera. Pagkalipas ng ilang taon, sa panawagan na ipalaganap ang gerilyang pakikidigma sa buong bansa, naitalaga si Ka Benny sa Mindanao. Dito, naging kalihim siya ng isang armadong yunit sa isang larangan, naging trainor / instruktor sa militar at pulitikal ng BHB sa buong Mindanao, naging instruktor sa mga pampartidong pag-aaral, organisador ng masa at namumunong kadre. At sa tuwing may programa at pagtatanghal ay umaaktong emcee.

Dito na rin sa Mindanao, sa isang sonang larangan sa Davao, kami magtatagpo ni Ka Benny. Sa kanya ko unang natutunan at natunghayan ang mainit at mahusay na paraan ng pakikisalamuha sa masa, ang masikhay na pag-oorganisa ng mga magsasaka, kababaihan at kabataan sa kanayunan at ang pagbibigay ng pag-aaral sa masa at mga kasama sa simple at epektibong paraan.

Pagkalipas ng ilang taon, hiniling niya na muling maitalaga sa Hilagang Luzon. Naging kalihim siya ng rehiyon ng CAIN, na sumasaklaw sa mga probinsya ng Cagayan, Apayao, Isabela at Ilocos Norte. Naging trainor-instruktor sa pulitiko-militar ng Pulang Hukbo sa buong Hilagang Luzon bilang kagawad ng Komisyon ng Partido sa Hilagang Luzon.

Hindi malayong mas mahaba pa sana ang buhay rebolusyonaryo ni Ka Benny. Ngunit sadyang pinaikli ito ng mga kaaway. Hunyo 10, 1986 dinukot siya ng mga kaaway sa Kamaynilaan habang naghihintay ng kanyang sundo papasok ng sona. May isang dosenang kalalakihang armadong ng M-16 at kalibre 45 ang pumaligid at humagpang sa kanya. Bagama’t may impormasyon na sinalbeyds siya sa Isabela, hindi na nakita ang kanyang katawan. Hanggang sa ngayon ay walang pag-amin at pagtanggap ang mga kaaway sa pagdukot at pagkuha nila kay Ka Benny. At hindi na ako umaasa pang aaminin nila. Hanggang sa ngayon ay parang walang

katapusan ang kwento ng buhay at pagkawala ni Ka Benny. Ni hindi ko masambit na siya'y patay na.

TUNAY NA MAIPAGMAMALAKI ANG BUHAY AT PAKIKIBAKA ng mga kasama. Kapita-pitagan at puno ng kabayanihan ang kanilang buhay at karanasan. Magsisilbing inspirasyon sila sa atin. Para sa kanila ang ating mga papuri't pagpugay; ang pinakamahuhusay nating mga akda, kanta, sayaw, awit, dula at tula. Marapat lamang dahil utang natin sa kanila ang inabot ng rebolusyon at mga tagumpay ng mamamayan.

Hindi natin hahayaang mawawalan ng saysay ang buhay na inialay ng ating mga martir. Ang landas na pinapula ng kanilang dugo ay tumutungo sa sosyalismo. Magsisilbi silang paalala sa ating lahat na maging tapat sa lahat ng panahon sa sinumpaang mga tungkulin at sa taus-pusong paglilingkod sa sambayanan.

# Nabarbara ngem Tikag ti Armas Iggem Tayo Ita

ni *Ka Jemma*

Nanglemmes dagiti bagyo, agngayngayangay ni tikag
Saan laeng met nga init ti umay na iyab-ablat
Ikuykuyog na ni bisin, saksakloten na ni saem
Anian a latigo daytoy a manglunlunag ti nakem.

Agrengrengngat ti dagdaga, agang-angrag ti mulmula
Nakadasar met ti awan iti piman a kusina
Ay, awan met ti makaot, naibusen ti makaod
Kidkidan daytoy a krisis ti kakaysuna a pariok.

Paidam ni apo ulep ti namnama nga agtudo
Iimot dagiti appo ti biag ken dagdaga tayo
No saan tay' nga agtimek, saan latta met agarbis
No ikawes tay' ni buteng, karkaro da nga agsuitik.

Sumapsapliten ni rigat, umir-iroten ti bekkel
Ti galot a suminsinit, ni estado't mangtengtengngel
Rikna a makidangadang, di kad' kaniami a rumkuas?
Maymaysa laeng ti dalan--agturturong iti gubat.

Nabarbara ngem ti tikag, armas iggem tayo ita
Naturtured ngem allawig, manglemmes panagsagaba
Iti sango ti kiraos, iti ima daytoy gawat
Dumalluyon ti umili, rumukrukkuas ditoy tanap!

# Mas Mainit kaysa Tagtuyot ang Hawak Nating Armas Ngayon

*salin*

Nanlunod ang mga bagyo at parating na'ng tagtuyot
Hindi lamang kanyang init ang idinudulot
Kasama niya si kagutuman, kalung-kalong niya'y pighati
Ano bang latigo itong tumutunaw sa damdamin.

Bitak-bitak na ang lupa, nanunuyot ang pananim
Nakahain nama'y wala sa kaawa-awa nang kusina
Ay, wala nang madukot, naubos na ang masasandok
Lilimasin nitong krisis ang kaisa-isang palayok.

Ipinagkakait ni panginoong ulap ang pag-asang uulan
Ipinagdadamot ng mga panginoon ang ating lupa't kabuhayan
Kung hindi tayo iimik, hindi pa rin naman aambon
Kung isusuot ang takot, lalo silang makapandarambong.

Humahagupit na ang kahirapan, papahigpit na ang pananakal
Tanikalang pumapaso, estado ang siyang tumatangan
Kamalayang makibaka, sa ami'y hindi ba mag-aalab?
Iisa lamang ang daan --tumutungo sa digmaan.

Mas mainit kaysa tagtuyot, hawak natin ngayong armas
Mas matapang kaysa buhawi, lulunod sa paghihirap
Sa harap ng sikmurang kumakalam, sa kamay nitong kagutuman
Dadaluyong ang mamamayan, bumabalikwas sa kaparangan.

# Mapagpalayang Pasko, mga Anak

ni *Ka Bomi*

Kayhirap bumati ng "maligayang pasko, mga anak"

Ano't higit nating nadarama
ang kirot ng dibdib sa kalam ng karukhaan
ng tulad ninyong laksang yagit
lipos ng pangarap sa kawalan

Habang palalong tinatakam
sa tila walang hanggang pangungutya
ng ilang nagbubundat sa yaman ng dukha

Wala ngang paskong masagana, anak
sa mga maralitang iniluluwal
ng lipunang salat sa katarungan.

Ang handog ng pasko'y kayhirap pang abutin, mga anak

Ano't milyong dukha'y maniwala
sa pagdating ng Kristong hari ng katarungan
'ba't naghihintay kay Santa Klaus
na magpamudmod ng kayamanan

Manapa'y todong hinehele
sa mga pangakong sinlayo ng buwan
ng mga buwayang pumipilipit sa bayan

Wala pa ring payapang pasko, anak
ginigising pa natin ang laksang masang
kakalag sa gapos ng karukhaan.

Ngunit lipos tayo sa diwa ng pag-asa, mga anak

Magbabalikwas sa kaapihan
ang masang bukal ng lakas at siyang magwawakas
sa mga hungkag na pangako

Kikitlin ang mga halakhak
ng mga buwaya't bundat sa lipunang
mapagsamantala sa mga api't dukha

Sasapit ang pasko ng masa, anak
ihahatid ng sanlaksa't isang putok
sa pagsilang ng malaya nating bukas.

8 Disyembre 1998

# MAPUPULANG BULAKLAK PARA KAY KA REN

ni *Emil Magalat*

Mangahas!
ito ang mabisa nating sandata
nang bagtasin natin ang mga daanang
di natin alam kung saan patungo
balsot man o daanan ng trak
maputik na ahunan o kapan-awan
iskinita o rumaragasang ilog
lahat ng iyon ay iisa ang kahulugan—
patungo sa masang naghihintay.

Di iilang natumbang puno ang iniwasan
di miminsang muntik mahulog sa bangin
at di kakaunti ang nasaksihang
maaskad na mukha ng nagngingitngit
na makauring tunggalian
pero sige pa rin,
sulong!
sa mga daanang habang lumalaon
ay lalong lumilinaw, lumiliwanag.

Mangahas!
ito ang habilin ng panahon
nang humayo tayo doon,
sa walang hanggang doon
at bawat tagaktak ng pawis
ng pagod na katawan
ay panibagong binhi
panibagong bulaklak
panibagong matatag na puno

at narating nga natin ang mga
panimulang pook pahingahan
na bagamat walang pahinga
sa pagdagsa ng maaalab na palad
mahihigpit na yakap ng pagkaulila
at balitaktakan ng paglutas ng tila
walang hanggang himutok ng masa'y
ipinaghele tayo ng mga ngiti
ng muling sumisibol na pag-asa

Nais nating mabilis na itindig
ang kapangyarihan ng laksang masa
at  bakbakin ang mga balakid
sa kanilang pagsulong
hindi dahil gusto natin
kundi dahil gusto nila
nais nating maging karapatpadat
nilang taliba
kaya tumanggi tayong mag-urung-sulong.

"Mangahas", ang sabi natin
at muling dumating ang tagsibol
at ang malawak na larangan ng mga
pakikibakang masa't digmang gerilya
ay naging makulay na hardin
ng masang ginabayan nating magbalikwas
at  pinamumukadkaran ng mga bulaklak
na walang sawa naming inihahandog sa iyo
kasamang dakila.

(Si Ka Ren a.k.a. Lydia Sicat, 44, taga-San Fernando, Pampanga, ang unang pangalawang kalihim ng SSK Macliing na kumikilos sa San Agustin at Jones. Pinatay siya ng mga tropa ng 45th IB habang nakaratay at maysakit pagkatapos ng labanan sa sitio Diarao, Bgy. Dicamay Dos, Jones. Isa siyang mahusay na proletaryong mandirigma.)

13 Setyembre 1999

# KUMPRONTASYON

ni Lucha Segundo


Binibilang ko ang bilang
Ng punlo ng kaaway,
Marahil hindi lalagpas
Sa sampung libo.
Binibilang ko ang daliri
Ng mga halimaw
Na maaaring pumisil
Sa gatilyo ng M14 at M16.
Nakatitiyak akong
Hindi aabot sa isanlibo.
Ay…
Saang mina ng bayan
Sila huhukay ng dagdag na bala?
Kaninong hininga ng taumbayan
Sila hahalaw ng tapang,
Upang tuluy-tuloy na pisilin ang gatilyo?

Pitong ulit, pitong beses
Tayong pinaputukan;
Pitong beses, pitong ulit din
Ang ating ginawang pagdapa;
At bawat pagbangon mula pagkarapa
Ay tumitindig ang ating
Mga plakard at bandila.
Hinintay natin ang ikawalo,
Ikasiyam, o kahit ikasampung putok,
Ngunit natakot ang usok.
Hindi na muling sumungaw
Mula sa kanyon ng mga buhong.
Ha!
Hindi mapipigilan ang pag-abante,
Ng tatlumpo…limampung libong mga paa
At milyung-milyong sumusunod pa.
Magigiba natin ang palasyo;
Magigiba natin ang palasyo
Ng mga panginoon.

*Tala*: ang pangyayari'y naganap noong 1982 sa isang rali ng mga magsasaka sa Gattaran, Cagayan

# ANG DAKILANG LAMBAK

(Pagpupugay sa 30 taon ng magiting na pakikidigma)
ni Emil Magalat



Ang dakilang lambak ay tulad
ng mahabang duyang nakabigkis
sa magkabilang punong dito'y
ipinagpapahinga ang pagod na katawan
ipinaghehele ang naglulumikot na isipan
sa gabing hinihintay ang pagliliwanag.
Isa ring tiyak na luna
sa panahong basa ang lupa't kalangitan.

Ang dakilang lambak ay baul ng yaman
nilalatagan ng pinakamahabang ilog
tinatanuran ng ulo't katawan ng
pinakamahabang hilera ng mga bundok
kikandong ng mga kahalihalinang gubat
bukal ng yamang mineral at kalikasan
di masasaid na patubig at kamalig ng buhay
tahanan ng mararangal na tagalikha't tagapanday.

Ang dakilang lambak ay tulad
ng isang pahabang palayok kung saan
ginigisa sa sariling mantika
ang tatlong milyong nagdarahop
pinipiga ang kanilang pawis at dugo
upang may ihain sa masaganang dulang
ng masisiba't buktot habang
mumo ang laman ng laksang kaldero.

Ang lambak ay bungkalan ng pinagtagpitagping
ngitngit hinagpis kuyom na palad tiim na bagang
ng batalyong walang mukha't pangalang
lumilikha ng makasaysayang unos
dito, sa panahong sindakila na ng Martsa mula
Kiangsi hanggang Pao-an nina Mao
ay matatag na tinitibag ang santwaryo ng dilim
at itinatayo ang bantayog ng mga di kilalang bayani.

Lugar ito ng umaalimpuyong digmang
Pinagbubuntunan ng poot ng mga hari't butangero
pero dambuhalang altar ding inaalayan ng dugo
ng angaw-angaw na aliping matatag
na tumatanaw mula sa mga burol at pilapil
sa nababanaag na silahis ng bagong umaga
dito sa malaking tipunan ng kapasyahan at lakas
—sa dakilang Lambak ng Cagayan.

Isabela
Setyembre 8, 1999



# ILOG CAGAYAN

ni *Santiago Maddela*

Limang minutong paglalayag
Maingat, marahang pagbagtas
At pagtitimbang sa bawat galaw
Dahil ang kahuluga'y  kabiguan o tagumpay
Ang kanang bisig, hawak ang bangkang panlusob
Ang kaliwa, ang sandatang panghamok
Sumusungit ang panahon
Dumadalas ang pagkislot
Sa kalawakan ng dibdib mo, Mahabang Ilog
Pinapakiramdaman mo kami, alam namin
At pinapakiramdaman ka rin namin
Pero hindi mo kami bibiguin
Dahil paris mo'y lakas kaming mapagkalinga
Sa angaw na dinusta rito sa Lambak ng Pakikitalatad.

Limang minutong pagmamatyag
Sa likuran namin, ang malawak na Silangan
Mula Rehiyon ng Gubat, ang muog
Ng Pulang kapangyarihang lumalawak
Paalon hanggang pampang ng Tabing Ilog
At sa harap, ang malawak na Kanluran
Sa mas masukal na masang naghihintay.
Tinatawid, sinasaklaw ka namin Kaibigang Ilog
Dahil tulad mo, ang Mahabang Digmang Bayan
Ay ilog ng kasagutan sa kayraming tanong at hinagpis
Limang minuto, at pagkalipas,
Ang pampang ng mga palad na yumayapos
At di mapatid-patid na ngiti ng pag-asa.



Echague
Disyembre 8, 2000

# Dalawang Buwan Bago Magsilang

ni *Obri Peralta*



Lilipas din ang lungkot at pangungulila,
Na minsa'y may kasamang luha at pag- aalala
Iisipin ko na lang na ang aking iiwan
Ay ang magsasakang nakabaon sa lupa,
Pagmamasdan ko na lang ang mga kasamang
Nagawang lumayo sa anak at pamilya.

Manganganak ako, oo
Heto nga't pumipintig siya sa tiyan ko
Doble man ang pag-iingat, kahati ko ang masa at kasama
Na di nagdamot ng kanilang istorya
Na nakapagpapaalis ng aking kaba.

Nakahihingal man ang paglalakad
Lalo na sa pag-akyat at pagbaba
Ngunit ito nama'y naging madali
Dahil walang sawa ang aking ka-tim
Sa pagtuturo, paggabay, at pagtutuwid.
Mabigat ang armalayt
Narito ang dugo ng mga martir.
Ilang buwan na lang hahawak na rin ako nito,
Walang pangingimi o pagdadalawang- isip

Sa araw na iyon
Aalalahanin ko ang uha ng aking sanggol at hinagpis ng sambayanan
Lalagi sa aking alaala upang lalo akong lumakas at sumigla
Walang pag-aalinlangan sa paglahok sa armadong pakikibaka.

# TULA NG ISANG BAGONG SAMPA

ni *Kiko San Agustin*

Nakagawian ko nang madalas
linisin ang aking M16
nang mas madalas pa kaysa
sa itinakda:
tinatanggal muna ang magasin
at kargang bala sa bolt
upang walang madisgrasya
habang idinadaos ang ritwal

pagkatapos ay sisimulan nang
haplusin ng telang kaliligo sa langis
ang bandang bunganga pababa
sa trianggulong puntiryahan sa harap
at sa bawat isang pulgadang pagbaba
ng pinaiikot na pamunas
ay isang pulgada ring nangingintab
na bahagi ng bakal kong buhay.

Bawat pagpunas, bawat karanasan
malamya man o magaspang
madali mang makatanggal ng kalawang
o nakakairita sa bagito kong palad
ay pagkintab, pagtigas
ng kaalaman at kapasyahan.

Pinakikintab ko ang sandatang
panlipol sa armadong kaaway
gaya ng nakagawian nang
paghasa at paglinis sa aba kong isip
ah, ilang ulit na kayang lumusog
at yumaman ang aking kaalaman
sapul nang tanganan ang baril
at aklat ng isang Pulang hukbo.



'Ika ko'y mas mahirap pa yatang araruhin
ang kabangyamang imbak sa isang Pulang aklat

kaysa ang kalahating ektaryang bangkag
ng mahal kong tatay
pero paris din ng pag-aararo o pagtatabas
o pagdis-asembol at asembol ng armalayt

dumadali ang pagbuno sa baawat pahina’t paksa
nitong aking Pulang aklat habang nasasanay
habang lumalao’y tumatalas, tumataas
ang kaisipang pinakamabisa kong sandata
sa anumang klase ng kaaway
na nasa harap, nasa tagiliran o nasa loob.

Lagi na’y binabaklas ko rin ang baril ko
upang linisin ang mga pyesa sa loob
sinusungkit ng baketa
ang mga libag sa loob ng barel
tulad din ng paulit-ulit na pagbaklas
sa sangkaterbang gawing pamana ng nagdaan
ah, mahirap yatang iwaksi ang kayraming
kaisipang ikinulapol ng bulok na sosyedad
pero kailangan, kailangan
upang habang lumalao’y kumikintab
kumikinang ang Pulang hukbong ako
tulad ng nililinis kong mahal kong M16.

26 Nobyembre 1999

# "Yellow Corn"

ni *Tala Cilvado*



Maligaya sana ako sa araw ng iyong
pagsilang
Mula sa kayumangging sinapupunan
Inimpatso kita sa pataba, pero ako'y
baon sa utang.

Kumakaway ang iyong mga tangkay
Sa aking bawat pagdating at paglisan
Nais sana kitang haplusin o kamayan
Kundi lang dahil sa kati
Kung ika'y hahawakan.

Matamis sana ang iyong mga ngiti
Kaya lang ngipin mo ay dilaw at bungi-
bungi.

Kasintangkad mo na 'ko, at papula nang balat mo
Nang pagtampuhan tayo ng ambon.
At sa iyo, wala na akong maipainom
Kaya't ika'y nangayayat, nanlumo...

At ngayon, ako'y nagluluksa
Hindi lang dahil sa ika'y wala na
Kundi ang bunga ng iyong apat na buwang buhay
Ay naipalit lamang sa kapirasong barya,
(Na ipampupuno sa 'sandosenang sikmura)
At kapirasong papel ng mga babayaran pa
(Na bubutas ng sandosena sa 'king bulsa).

Aking itinatangis, na sa iyong apat na buwang buhay
Ako'y nagpawis, at sa iyong pagbubuwis
Mas sila naman ang bumubungisngis.

# SIGNAL PAYR

ni *Guillermo Camarag*

Sinisipat ko ang dibdib ng papalapit na kaaway
Nang muling dumalaw ang iyong ngiti sa aking isip
di ko iyon malimutan: 20 araw bago ang
Araw ni Valentino.
Napangiti ako, at sumagi muli sa alaala
ang aking ipinadalang sulat-panliligaw
sa iyo, noong bisperas ng kapaskuhan:
30 araw na ang nakararaan.



Aburido ako't hanggang ngayo'y
wala ka pang tugon sa mungkahing
nito lang naibulalas ng mahiyain kong bibig
at naisatitik sa liham ng maraming
araw gabi papel bolpen yosi kape.
Ngunit teka, 20 metro na lang ang layo
ng papalapit na kaaway
kailangan nang magpasya!

Kabubulas ang araw at nagtatalo pa
ang ginaw at amoy ng katitimplang kape
nang bumungad ang pinakahihintay— mga pasistang
may utang na dugo sa masa't kalikasan.
At habang iniuumang ang baril ko't inaasinta ang gayd
naalaala ko ang puso mong kailangang ma-bull's eye
katulad ng unang nabulagtang kaaway
sa Kayangading noong Enero 24.

# Pagkat Di Lahat ng Oras ay Atin

ni *Lean Waya*

Kung mapipigil ang kamay ng orasan,
Saan mo siya pahihintuin?
Sa pagpasok ba ng obrero sa pabrika
Upang pahintuin ang pagsasamantala
Ng siguradong pagpiga ng sobrang tubo?

Kung mapipigil ang kamay ng orasan,
Saan mo siya pahihintuin?
Sa pagsapit ba ng anihan sa bukirin
Malulubog sa utang o mawawalan ng lupa
Ang abang magsasaka'y sasapitin?

Kung mapipigil ang kamay ng orasan,
Saan mo siya pahihintuin?
Sa paghampas ba ng batuta ng pulis
sa nagmamartsang estudyante sa Mendiola
na sulasok sa umaalingasaw na amoy ng estado?

Kung mapipigil ang kamay ng orasan,
Saan mo siya pahihintuin?
Sa gitna ba ng mainit na halakhakan
Ng dahas ng uring nagtutunggalian
Upang di punglo ang magpasya ng kabayanihan?

Kung mapipigil ang kamay ng orasan,
Saan mo siya pahihintuin?
Sa bingit ba ng pagpatakng luha
Ng pagdadalamhati sa pagpanaw
Ng mahal na kasama't iniirog?



Kasama, 'di natin mapipigil
ang kamay ng orasan
Pagkat 'di lahat ng oras ay atin
Kaya lahat ng oras ay
laan sa pakikibaka!


# BLAZE OF STRUGGLE

ni Ka Sibay T. Umili

Every morn you bathe the cooking pot
Undressing its soot of exploitation
Hardened by the burning of oppression.

Did you ever notice
The anguish of the boiling rice?
Every grain symbolizes
The hammer of class struggle,
Crushing the exhaustion of the stomach
So that every table will be abundant.

Yes, you shall cook redundantly,
But not like before.
Because the blaze will reside
In every plate.
And laughter will reign
In every household.



# LAGABLAB N G PAGLABA N

salin ni Ka Sibay T. Umili

Pinaliliguan mo tuwing umaga ang kaldero
Hinuhubaran ang uling
Ng pagsasamantalang
Pinatigas ng salab t ng pang-aapi.

Napansin mo na ba
Ang palahaw ng kumukulong sinaing?
Sinisimbolo ng bawat butil
Ang pagbayo ng tunggalian sa uri
Na dumudurog sa panlulupaypay ng sikmura
Upang maging sagana ang bawat mesa.

Oo, patuloy kang magsasaingNgunit di na tulad ng dati
Dahil mananahanan ang lagablab
Sa bawat pinggan
At mangingibabaw ang halakhak
Sa bawat tahanan

# Daga mi Daytoy


ni *Ka Ed*

Maysa a rabii a naulimek
no di la dagiti bulong a kalablaban
ti naranggas nga angin
Manakanak dagiti bulbulong
agdisso iti daga
a pagbalayan ti anay
karaykayen dagiti abuyo
a pagilasinan dagiti padak a mannilo

Daga mi daytoy
Libnos ti tarnaw ti gumilgilap a baybay na
Ngayed ti berde a tanap ken kabambantayan
a pagay-ayamuuman ni sampagita

Wen, daga mi daytoy
di min to ipalubos nga adda
dapan a gangganaet
a pumayat ti nalinak a kadaratan ti baybay na
Di kam' to umkis a mangitabbiraw
ti ulimek ken talna na

Wen, daga mi daytoy
tawid mi kada lolo ken tatang
biag mi ti anges na
dayaw mi ti nakem na
Ngem no adda agpanggep a mangidadanes kenkuana
sidadaan kam' a mangiparukpok ti dara
ken mangibuis ti anges
agsipud ta nagbannugan mi
ken nagling-etan mi
a daga.



# Lupa Namin Ito

Salin ni *Alba Magilap*

Isang gabing tahimik
kung di lamang sa mga dahong nakikipagtagis
sa hanging marahas
ang mga daho'y nalalaglag
padapo sa lupa
titirhan ng mga anay
na kinakahig ng mga labuyo
siyang palatandaan ng mga gaya kong maninilo

lupa namin ito
kay rikit ng malinaw na kumiskislap na dagat nito
kay ringal ng luntiang lambak at kabundukan
kung saan humahalimuyak si sampagita

oo, lupa namin ito
di namin hahayaang
dayuhang talampakan
ang aapak sa tahimik na buhanginan ng dagat nito
di kami humihiyaw na manghihimasok
sa katahimika't kapayapaan niya

oo, lupa namin ito
amin pang namana kina lolo at tatang
buhay namin ang hininga niya
dangal namin ang naisin niya
ngunit kung may magtangkang magmalupit sa kanya
nakahanda kaming magbuhos ng dugo
magbuwis ng hininga
sapagkat pinagpaguran namin
at pinagpawisan namin
itong lupa.

# Kung May Labi't Dila Lang Sana ang Lupa

ni *Salvador Apolinario*

Bukas palad ang lupa
mula't mulang siya'y maging lupa.

Mula sa mga Unang Pagtuldok
ng mga hayop sa kalupaan
hanggang sa kamusmusan ng sangkatauhan,
may laan ang lupa
sa lahat ng magkusang
manginain, mamitas
magtanim at mag-ani.
Isinilang ang lupa upang maging bukas-palad.
Labag sa batas ng lupa ang kasakiman.

Ngunit ay! walang bibig,
walang bibig
ang lubhang mapagpalang kalupaan.
Kaya't di nakatutol
nang malabag,
at malabag nang walang habas,
ang kanyang batas.

Kung may labi't dila lang sana ang lupa,
tiyak na kanyang tatawaging tulisang pusakal
ang kakarampot na nagsisipag-ani nang labis
nang di man lang yumuyuko sa kanyang harapan.
Kung may labi't dila lang sana ang lupa,
tiyak na kanyang aawitan
ng sanlaksa't sanlibong papuri
ang umuuulang mga punlo
ang bumabahang mga kamao
na ang pinapakay
ay muling pairalin ang kanyang batas.

*Maikling Kwento/ Dagli*

# BALITA SA RADYO

Ni *Pas Layag*

KAUNTI NA LAMANG, NAISIP NI KAREN, GUSTO KO NANG ihampas ang radyong ito sa pader.

Kanina pa niya gustong marinig ang pang-umagang balita. Iyon at iyon kasi ang kanyang ritwal tuwing paggising. Balita mula sa transistor, kapeng tinimpla sa plastik na tasa, mahanging pandesal at kuwento ng mga kaibigan at kasama—magandang umaga na iyon.



Pero hindi nga maganda ang timpla ng radyo ngayong umaga. Palibhasa, matanda na ito, isip niya. Kung siya'y kuwarenta, kinse anyos naman ito; at totoo ngang ang kuwarenta at kinse ay may kanya-kanyang sakit. Mula nang matanggap niya ito bilang regalo ng tiyahing nasa Saudi, dalawampung taon na ang nakararaan, tatlong beses na niya itong ipinagawa.

Toktok sa puwitan ng radyo. "Ang kailangan niyan," sabi ng nagkakapeng si Emong, "ay baterya. Hamo't bibili ako mam'ya bago pumunta sa hacienda."

Si Emong ay tatlumpu't tatlong taon—gitna ng edad nila ng kanyang radyo. Pupunta siya sa isang pulong sa isang baryo sa Hacienda. May pagkilos sa isang linggo ang mga magsasaka upang ipababa ang interes

sa pautang, at kasama siya sa paghahanda doon sa ilulunsad na kumprontasyon.

Malayong maging magkaibigan sana sila, siyang isang guro at si Emong na isang magsasaka. Pero ano nga iyong madalas sinasabi, tungkol sa nagiging magkaibigan ang maraming pinagsasamahan? Hindi na birong kasaysayan ang pinagdaanan ng kanilang pagiging magkasama, ‘ba. Gaya ng kanyang radyo, kasama niya si Emong at marami pang iba sa marami nang hirap at ginhawa.

Sa buong kabahayan, gumigising na ang lahat. Gising na si Bebot, si Betty, si Andong. Naghahanda na sa isang umaga ng pagkilos. Nage-ehersisyo na ang sinaingang kalan, humihiyaw na ang gripo, at ang tanging inaantok na lamang ay ang kanyang radyo.

Tuktok uli sa tagiliran, pero alam niyang hindi niya maihahampas ito. Mahabang kasaysayan na ang dala ng kanyang radyo.

IBINALITA NITO, HALIMBAWA, ANG UNANG RALI-PROTESTA kung saan isinigaw ang “Ibagsak ang Dynastiya!” Araw ng Paggawa noon, 2002. Pagkilos na dinaluhan ng mga magsasaka, saka manggagawa, estudyante, titser gaya niya—kahit mga pari at madre ay sumama. Hinarangan ito ng maraming militar.

Kunsabagay, hindi na bago sa kanya ito. Sa lahat ng rali na kanyang nalahukan, ang lahat ay hinaharang. Ito ang utos ni Gobernador Agum, ito ang trabaho ng lahat ng kanyang kaapelyidong nagsasalit-salitan sa paghahari sa probinsya. Apatnapung taong harangan mula pa sa panunungkulan ng kanyang tatay, sa lahat ng bayan na may Mayor Agum, Brgy. Capt. Agum, at sa lahat ng lugar na may kampon na Congressman, Mayor, Brgy. Captain at kasundaluhang maka-Agum. “Emperador” ang tawag sa kanya, kinukutya’t kinasusuklaman.

Mainit ang kalsada noong Mayo Uno. Mapula ang istrimer ng “Patalsikin ang Dinastiya!” Ang totoo, noong una’y nag-agam-agam siyang sumama.

“Baka mam’ya, isigaw nga ito, magpulasan ang mga tao. Mambatuta ang mga pulis, magpaligo ang mga bumbero. Lalong matakot ang mga tao.” Bumubulong ang pag-aalangan, pati yata ang anas ay maka-Agum.

Pero hindi na kagulat-gulat sa kanya ito. Anu’t anuman, hindi ba’t dapat nang masanay siya sa harangan? Patpatin si Karen, hikain pa, pero batid niyang kailangang makipaggitgitan sa init ng araw at apoy mula sa

bunganga ng dragon. Panahon na iyon ng kasagsagan ng protesta laban sa pagpapatanim ng kasaba sa 150,000 ektaryang lupa sa rehiyon. Linggu-linggo, sa ispiker ng kanyang lumang radyo, naririnig na ang protesta ng mga magsasakang maaagawan ng lupa ni Danding Cojuangco. Naririnig na ang pagbabanta ng Gobernador sa sinumang "maka-NPA" na tumututol sa proyekto. Nauna nang binunot ng mga magsasaka ang mga kasaba sa isang narseri. Bakit siya mag-alangan na iladlad ang istrimer ng "Patalsikin...?"

Sa Jones, sabi rin sa kanyang radyo, isang magsasakang Ifugao—Willy raw ang ngalan—ang hinubaran, binugbog at itinali ng 45thIB sa kahoy sa gitna ng *uma*[1]. Dalawang araw si Willy sa gitna ng init ng araw at lamig ng gabi, kasi'y ayaw niyang sabihin kung saan naroroon ang mga NPA. Ayaw niyang sabihin ang hindi naman niya talaga alam. Sa marami pang bayan, ganito ang itsura sa bawat operasyong militar. Sa kasiyahan ng Gobernador. Bakit nga ba hindi ilaladlad ang istrimer ng "Patalsikin...," at bakit hindi siya magmamartsa sa likod ng mga pulang letra niyon?

Nasubaybayan ng kanyang radyo kung paano, unti-unti, ang maputlang inis ay pinatingkad ng naiipong muhi at kamulatan. Sa bawat rali matapos ang Mayo Unong iyon, mas matingkad kaysa huli ang mga pagtitipon, mas mabigat ang hugos sa kalye. Napansin ito kahit ng nagtitinda ng palamig sa Bonifacio Park. Mas mabenta ang palamig, mas maraming uhaw na nagrarali, mas maaga ang kanyang uwi. Sinuportahan ito ng mga taong simbahang nakiisa sa pangangailangang "papulahin ang istrimer." Kung mananatiling maputla, mananatili rin ang kawalang hustisya.

Isinahimpapawid sa mga istasyon ng radyo ang rali ng Oktubre 2003, sa Linggo ng mga Magsasaka. Aba'y ang mga kampon ng Agum, hindi papayag siyempre sa mga istrimer at rali na nananawagan sa kanyang pagkakapatalsik.

"Wala kayong permit!," singhal ng mga POSU[1].

"Wala namang isinasaad," sabi ni Karen, "sa kahit saang batas na maari ninyong labagin ang aming kalayaang mamahayag at magprotesta kung walang permit mula sa Gobernador!" Itsura nito, naisip niya, paano kami papayagan ng Gobernador, e siya nga ang pinoprotestahan namin?

Hindi naman niya inusal ang kanyang naisip. Pero ang mga pulis, iwinawagayway na ang kanilang batuta, hinahatak na ang video camera nila, at sinasakal na ang isang kabataan sa hanay ng mga nagpoprotesta.

Kapkap sa kanyang bag. Wala siyang maapuhap kundi ang *charger* ng cellphone. Kinuha niya ito, ng payat na si Karen, at inikot-ikot na parang batuta ang mabigat na dulo nito. Kinukuyog na ang tagapagsalita ng mga magsasaka, inaambahan nang susuntukin, at si Karen, ang payat at matapang na si Karen, ay pumagitna upang pigilin ang kamao ng pulis ng Gobernador. Inuntog niya ang kanyang ulo sa baba ng pulis. *Masakit pala*, sabi niya sa sarili, *pero naririyan pa kahit ang mga matatandang kababaihan, umiiyak na, ngunit tutuloy pa sa martsa…* Walang nagpulasan, walang natakot.

NASIRA ANG SALAMIN NIYA SA MATA SA RALING IYON. At sa balita sa kanyang radyo, lalong nasira ang Gobernador sa mata ng mamamayan.

Pumailanlang ang mabubunying mga balita mula sa mainit na aspalto ng kalsada at alikabok ng daan sa mga baryo, tumagos sa kalawanging ispiker ng kanyang radyo. Ang magkakasunod pang mga protesta sa probinsya ang lalong nanlupaypay sa mahina nang Emperador. Yaong mga naaagawan ng lupa dahil sa paghahalukay ng Climax Arimco[3] sa kanilang komunidad at taniman. Mga estudyanteng ‘di na makabili ng edukasyon sa taas ng presyo nito. Mga doktor at iba pang propesyunal gaya ni Karen na kinakatasan niya ng kung anu-anong *fees*. Mga manggagawa ng Cosmos na binabarat ng agum at maka-Agum na si Cojuangco. Silang ‘di na makapagpagamot dahil sa pagsasapribado ng sampung ospital sa probinsya. Silang mga iniismiran, tinatakot at pinagmamalupitan ng kanyang mga armadong tauhan.

Kaya naman nang makakita ng pagkakataon upang pilayin ang apatnapung taong trono, wala na sa kanila ang pag-aalangan.

Setyembre, 2003. Dalawang buwan na lang ay kaarawan na ni Karen, tatlong buwan pa bago ang pasko, walong buwan pa bago ang halalan. Isang malaking hakbang pa bago ang pagpapatalsik sa Gobernador.

Matagal nang suya sa ele-eleksyon na ‘yan si Karen. Ang alam niya, kahit pa ilang palit ng damit ang gobyerno, kung hindi mababago ang sistema, hindi pa rin malulutas ang pagiging libagin nito.

Ngunit ang pagkatalo ng isang emperador ay magpapahina ng buong imperyo. Sa halalan, sa sariling laro ng buwakaw na mga pulitiko,

ay maari ngang matalo si Gobernador Agum bilang ulo ng Dinastiya. Sa pamamagitan ng pagkakaisa't paglaban, sa paraang naaalis ang lahat ng tuko mula sa pagkakakapit basta't nagpasya ang marami.

Hindi na bale ang pagod at gutom, nasabi ni Karen sa sarili. Maraming bagay ang hindi ko alam gawin at kailangang pangahasan, pero ibibigay ko ang lahat ng kayang igampan dahil ito ang wasto. Saloobin iyon hindi lang ni Karen, kundi ni Emong, ni Betty, ni Bebot, ni Andong, ng maraming masang nangahas maghulog ng emperador mula sa matayog nitong karwahe.

Inaral nila ang mga dating hindi alam.

“Ikaw na lang kaya ang makipag-usap sa pulitiko?” alangan niya minsang sabi kay Emong. “Bumubuhol ang dila ko sa kaka-ingles!”

Gumanting alangan si Emong. “Aba'y lalo naman ako,” lukot ang mukha niyang sumagot. “Ang gawin nati'y mag-tagalog na lang, tutal ay simpleng maintindihan ang ating pakay. Makihanay sila laban sa Dinastiya.”

Umunlad ang pakikipag-usap sa mga dati'y hindi nakikiisa sa mga kahilingang  kanilang pasan. Ngayon ay sumama na kahit ang mga alanganing ang nais ay magpaguwapo lang, pati mga pulitikong matagal nang galit at nais nang magparamdam.

Naging kaibigan silang lahat ni Karen, ang mga alanganin at matibay, mga hindi-gaano at talagang matapang. Ang mas marami, gaya ng kanyang radyo at ni Emong, ay kaisa niya hanggang sa kasalukuyan. Sa kanilang pagkakaisa, umagos ang malakas na pagkilos ng masa, nabitak ang hanay ng mga nasa katungkulan. Lalong humina ang naghihingalo nang pamumuno ng Gobernador. Tadyak mula sa loob at mula sa labas. Suntok sa kaliwa, suntok sa kanan. Kumbaga sa tuko, ano pang sanga ang kanyang kakapitan?

PINAKAPAGOD ANG KANYANG RADYO SA DAMI NG BALITA noong panahon ng halalan. Iniulat nito ang mga maniobra ng Dinastiya upang makapandaya, ang panununog sa mga balota, ang matapang na sagot ng masa sa bawat lasong pahayag ng Gobernador sa himpapawid.

Isang matingkad na magandang umaga, narinig ni Karen ang Gobernador sa radyo niya habang nagkakape. Abril na noon, ilang linggo pa'y botohan na.

“May pakana ang mga kalaban kong sirain ang aking pangalan.” Umuusok ang tainga ni Agum, matamis ang ngiti ni Karen. “Kung anu-




anong mga poster ang kanilang ipinapaskil,"–aapoy na yata ang tainga—" Nakakaabot hanggang sa Maynila!" Itsura nitong si Agum, sabi niya sa sarili, paano ka magagandahan sa mga poster, e ikaw nga ang sinisipa sa mga larawang iyon?

A, ang mga polyeto't poster na kanilang idinikit, kasama ang mga magsasaka, manggagawa at marami pang kay sisiglang kumilos. Naabot nilang pinturahan at paskilan hanggang ang mga lugar na hindi na Iloko ang laganap na salita, kundi Ibanag.

"Ang ibig bang sabihin ng '*Gibusan*' sa inyong idinidikit," nakapamaywang na usisa ng matandang aleng nakatunghay sa kanilang ginagawa, "ay 'Patayin'?"

Tumigil ang pagdidikit. Nagtinginan si Karen at ilang magsasakang kasama niya. Itinuloy ng iba ang trabaho habang naghanda si Karen na magpaliwanag sa matandang wari niya'y maka-Agum. "Hindi ho...," umpisa niya.

Hindi na niya natapos ang sasabihin, hindi na nailinaw na 'Wakasan' ang ibig sabihin niyon. "E bakit hindi patayin ang ilagay ninyo?," anang ale, "iyon ang dapat sa kanya!"

Saang sanga pa nga kakapit ang isinusukang tuko?

Sinunog ng mga kampon ng Gobernador ang dalawang munisipyo. Una niya itong narinig hindi sa kanyang radyo, kundi sa cellphone nang tumawag ang isang magsasaka habang nagkakaputukan.

"Pinutol nila ang kuryente!," sabi ng magsasaka. Pabulong ang tinig habang umaalingawngaw ang *rat-tat-tat-tat*. Naghahabulan ang hininga kasabay ng paisa-isang putok. Ngunit walang pagkakatinag. "Huwag kang mag-alala, Karen, kami e nag-ingat."

Tumagal ng labinlimang minuto ang putukan, habang nakatago sa dilim ang mga magsasaka. Kumaripas ang lahat ng nagbabantay, maliban sa kanila.

Kaytapang nila. Saang sanga pa nga ba?

Inulan at inaraw sila sa mga kilos-protesta sa gitna ng bilangan. Kung madoktor man niya ang bilang, hindi maaring madaya ang lakas ng kilusang masa. Naroon ito sa lahat ng sulok ng probinsya sa panahong iyon, hindi maaring takpan, hindi niya kayang pabulaanan.

Sa kanyang radyo, noong Mayo, inianunsyo ang pagkakalampaso ng Gobernador sa halalan.

Ang masigasig na si Karen, ang masigasig na mamamayan, ay hindi tumigil, hindi natigagal, hindi nagpulasan o natakot. Ang katapangan na iyon ang lumikha ng kasaysayan. "Ito na ang baterya." Kinuha niya ang iniaabot ni Emong. Nakangiti ito at magpapakawala na ng biro. "Baka ihampas mo sa pader," umpisa niya, "e matagal na natin iyang kasama."

"Oo nga," nagsukli siya ng ngiti, ang masikhay na si Karen. Humayo na si Emong papuntang Hacienda, at siya man ay pagawi na sa kanyang erya, sa papalaki at papalawak na mga lugar na ang mga tao ay nagpapasya, bumabangon, nagbabagsak ng mga Emperador at nagbabakbak ng mga imperyo.

---

[1] *Uma*- kaingin

[2] POSU- Peace and Order Security Unit

# SI NANA IYANG

nina *Les at Rogel*



MASARAP kakuwentuhan si Nana Iyang. Sa limang taon kong pagparoo't parito sa maraming baryo at bayan, isa siya sa mga kilala kong masa na nakapagpapasuko sa gasera kung patagalan ng istorya ang pag-uusapan.

Kasi naman ay mahaba na ang kanyang pagkilos at buhay. Edad singkwenta na, may lima nang anak at lima ring apo. Nabalo siya sa asawang si Narding sampung taon na ang nakararaan. "Pasma" ang dahilan, sa wari niya. Galing sa pag-iisprey sa kanilang *koman*[1] si Tata Narding nang hapong bigla na lang paspas na naupo sa bangko ng kusina, nawalan ng malay, saka tumigil huminga. Hindi na niya ipinatingin sa doktor, wala pang ani noon at wala ring pera.

Mahaba ang buhok niyang pirming nakapusod. Makulubot na rin ang kanyang balat, hindi lang dahil sa edad kundi sa ilang taon nang pagtratrabaho sa ilalim ng init ng araw. Kayumangging gintuan ang tawag ko sa kanyang balat. Kinayumanggi ng init sa koman at hinaplos ng hangin sa *kalapaw*[2].

"Taong 1976 nang unang pumunta ang mga kagaya mo rito," kuwento niya minsang nagtalakayan kami sa kusina ng kanilang barung-barong. Galing ang aming yunit sa mahabang lakaran, at talaga namang walang kapantay ang pahingang idinudulot ng mainit na salaysay ni Nana Iyang.

Bago raw dumating ang mga kasama, ang kanilang upa sa lupa ng namamanginoong si Sebio ay ½ *gross*[3]. "*Ay apo*, anak ko," ala-ala niyang kunot-noo, "hahati pa siya sa anumang makalap na makakain. Isda, narra, gulay… kahit suso na mapulot mo sa ilog, makikiparte siya!"

Grabe ang pagnanakaw ng kalabaw at pang-aabuso sa mga kababaihan sa baryo nina Nana Iyang bago dumating ang mga NPA. Sinumang matipuhan ng panginoong maylupa, maari niyang ipatawag at saka gahasain.

Pagdating ng mga kakadua, mabilis na nabuo ang mga organisasyon nilang magsasakang kababaihan, saka iba pang organisasyon. Noong 1977, pinarusahan ng kilusan si Sebiong namamanginoon. At sa umuusbong na kapangyarihang pampulitika, kasama si Nana Iyang sa mga naitanim na binhi sa kanilang baryo.

Itinayo ang mga grupo ng kababaihan; sinanay silang mag-organisa, magbigay ng edukasyon at magpakilos sa kapwa nilang anakpawis, pati na rin sa kanilang hanay. Isa ang biyenang babae ni Nana Iyang sa mga edukador ng Batayang Kurso ng Partido sa tipak ng mga baryo.

Isa siya sa mga kababaihang buong-panahong nag-organisa sa panahong ito. Iyon ang kanyang paboritong ikuwento sa lahat ng mga kasama—kung paano naitayo ang Sangay ng Partido, ang mga Ganap na Samahang Masa at mga komite sa pagpapaunlad ng kalagayan sa baryo.

"Alam mo ba," buong sigla niyang ibinahagi, "nagtayo pa kami ng tindahang kooperatiba dito. Ay, malaking ginhawa lalo sa *babbake*[4]. Saka tulong-tulong noon ang pagbabayo ng palay. Hindi lang kaming kababaihan, kundi pati *lallakay*[5] saka kabataan."

Kayrami ngang buting idinulot ng pagkakaisa sa kanilang baryo. Nawala ang mga palahaw sa gabi ng mga lasenggero, natutong magbasa at magsulat ang maraming bata at matanda, at natutong gumawa ng gamot mula sa halaman ang masa. Si Nana Iyang ay nasa komite noon na nangangasiwa sa ekonomya.

"Nakapagpaunlad kami ng mga komunal na sakahan," ani Nana Iyang. "At mula sa tulung-tulong na pagsasaka, nakapagparami ng kalabaw ang mga kasapi ng Pangkat Tulungan.

“At marami kaming pasampa! Kung dito sa baryo lamang, maaring sabihing kumpa-kumpanya ng NPA ang nabuo mula noon. Lalake’t babae…” tapos niya, at sa bahaging ito ay nakatanaw na sa malayo ang kanyang mga mata, dalawampung taon mahigit ang layo.

Sa kasaysayan ng rehiyon, sa kanilang lugar unang nauso ang agaw-armas. At, pagmamalaki ni Nana Iyang, nakibahagi ang kababaihan sa matatagumpay na aksyong militar na ito ng masa.

Panahon iyon ng paghalihaw ng 51st PC ni Aguinaldo sa Silangang Cagayan, ang Oplan Katatatagan. Ito ang proyekto ni Juan Ponce Enrile na isa sa mga utak ng Martial Law ng diktaturang US-Marcos. Pinagbakwet ang mga masa mula sa kanilang sityo, pinaggayd sa operasyon ang mga magsasaka, at naghasik ng pahamak at perwisyo ang mga sundalo.

“*Ay apo*, alangang wala kaming iganti sa *sal-it*[6] na mga soldado? Kaya ang nangyari noon,” tuloy ni Nana Iyang sa kanyang kuwento, “dumayo ang grupo nina Fe sa sayawan. Mga dalaga’t binata ang mga iyon… kami noon ng Tatang mo ay bagong kasal. Nakipagsayaw ang mga dalaga sa mga sundalo, nang mapasarap sa sayaw at malingat ang mga tarantado ay saka kinuha ng mga binata ang kanilang mga baril.”

Masaya ang halakhak niya habang sinasalaysay ito. Sa aking isip, si Nana Iyang noong 1979, bagong kasal, kadre ng Partido at matapang na babae ang nakalarawan. “Doon naman sa kabilang baryo, inagaw ng isang masa ang M79 ng sundalo. At naalala ko pa, kahit sa sentro ng bayan, inagaw nga ng isa pa ang pistola ng pulis! Milisya ang may gawa nun, anak. Marami ang milisya, at marami ang tagumpay…”

Sa kaigtingan ng operasyong militar, binalikat ng mga kababaihang gaya ni Nana Iyang ang pagtratrabaho upang may makain ang baryo. Umatras na ang mga kalalakihan sa ublagan upang iwasan ang pandarahas ng kaaway. At upang salagin ang pang-aabuso ng mga sundalo, natulog sa iisang malaking bahay ang lahat ng kababaihan sa baryo.

Tumindi ang militarisasyon sa kanilang lugar hanggang kalagitnaan ng dekada otsenta, at dumami rin ang mga umanib sa armadong pakikibaka.

“Ay, dalawa na ang anak namin ng Tatang mo noon,” sabi ni Nana. “Pinipilit nilang mag-CAFGU ang lahat ng lalake sa baryo. Ang mga CAFGU, walang ginawa kundi mangunsumi ng mga tao, magnakaw ng bigas at manok. E, hanggang ngayon, ipinipilit na naman nila sa amin ito.”

Kahit rumaragasa na noon ang wala-sa-panahong regularisasyon ng Hukbo, ang mga sagarang labanan o “SCO”, malaking tagumpay ang pagkakatatag ng kooperatiba ng dalawang magkanugnog na baryo. Sa pamamagitan niyon, nabibili ang produkto ng mga magsasaka sa higit na makatwirang presyo, nakakautang sila sa mas mababang interes, at mura ang mga pang-araw-araw na bilihin.

“Ito pa namang daan papuntang sentro noon,” anang Nana, “sa hirap ng daan, limang oras papunta at limang oras pabalik. Pero noong may koop, nililista na lang namin ang aming kailangan at salitan ang pupunta sa palengke upang bumili para sa lahat.”

Sa pagbabalik ng mga kasama noong unang bahagi ng dekada nobenta, di-mapigilan ni Nana Iyang ang kanyang galak sa dalang magandang balita ng pagwawasto mula sa mga kasamang muling kumilos sa erya.

“Ilang taon iyon bago mamatay ang iyong Tatang. Salamat na lang at nakita niya ang pagwawasto natin bago siya binawian ng buhay.” Walang luha sa mata at walang lungkot ang boses niya sa bahaging ito ng kanyang kuwento.

Hindi madali ang byahe sa pagwawasto, iyon ang malinaw kay Nana Iyang. Kung ang papuntang sentro ay sampung oras paroo’t parito, ang sa kilusan ay halos dekadang pagbabalik-tanaw upang umunlad at makalayo. Sa pagtangan sa agraryong rebolusyon, nakapanumbalik ang sigla ng organisasyon at lumampas pa sa dating nakagisnan ni Nana.

Lumalaban pa rin ang kababaihan at buong baryo. Sa pakikipagkumpronta nga nila noong isang linggo sa tropa ng $17^{th}$ IB upang kunin ang kababaryong basta na lamang kinuha ng sundalo, ipinamalas nila ang katapangang dala ng una pang henerasyon ng mga rebolusyonaryo sa kanilang baryo.

“Kayong lahat, ang papayat nyo!,” singhal daw ng amoy-alak na militar.

“Ipinapakain nyo kasi sa mga NPA ang inaani nyo!,” dagdag pa ng isa sabay duro sa mga masa.

Nilapitan ito ng isang lider kababaihan. “Gusto n’yo bang malaman kung sino ang tunay na nagnanakaw ng aming pagkain? Pwes, sumama kayo sa amin at dadalhin namin kayo sa mga naglalakihang bodega ng mga buwayang usurero!” Kumukumpas ang kamay ni Nana Iyang at ginagaya pa niya ang boses ng lider kababaihan habang nagsasalaysay.

Sa kanyang husay magkuwento, marahil ay nais din ninyo siyang makadaupang-palad at mapasyalan ang kanilang baryo, ano? Kung nais ninyong magpunta, madali lang ang palatandaan nang hindi ka mawala. Hanapin mo ang Nana na kayumangging ginintuan, at tiyaking pulang lupa ang iyong inaapakan. Naroon ang mainit na kape at kanyang mas mainit na kuwento.

---

*1 Koma*n- maisan
2 *Kalapaw*- bahay kubo
3 *½ gross*- kalahati ng kabuuang ani
4 *babbaket*- matatandang babae. Katawagan din sa may-asawa nang mga kababaihan
5 *lallakay*- matatandang lalaki. Katawagan din sa may-asawa nang kalalakihan
6 *Sal-it*- lintek

# PAGTATAPOS

Ni *Alba Magilap*

KAKAIBA ANG ARAW NA ITO SA LAHAT NG NAGDAANG mga araw ng aking apatnapu't isang taon sa ibabaw ng lupa. Dating kawayang papag ang aking hinigan, dating kumot at asawa ang niyayakap at hinahagkan, ngunit kakaiba ang araw na ito sa lahat. Para bang mas matining ang kahel ng sumusungaw na araw sa pagitan ng mga siwang ng kawayan naming dinding, mas mabango't nangrarahuyo ang amoy ng almusal na tirang kanin at platito ng *balangeg*[1]. Pati nga ang dinig ko sa tilaok ng aming nag-iisang manok ay masayang nakikigalak, sa kakaiba't espesyal na araw na ito ng aking huling araw sa pagsasanay at pagtatapos bilang instruktor ng kursong masa sa aming baryo.

"Maiging gumayak tayo ng maaga," sabi ni Huse, ang aking asawa. Matanda siya ng isang taon sa akin, at katulad ko, magtatapos din siya sa pagsasanay.

Napangiti tuloy ako. Paano'y alas-kuwatro pa lang ng umaga kami nagsimulang maghanda ng almusal upang maagang makabalik sa ublagan na pinagdausan ng pagsasanay. Doon sana kami matutulog, pero minabuting umuwi na lamang at pakainin ang baboy at manok. Tutal ay malapit lamang sa baryo. Alas-dos ng hapon pa ang seremonya, pero sa kasabikan ay alas-kuwatro na kami gumising. At heto siyang nagpapaalalang maiging maaga ang aming gayak.



Hindi pa tapos ang ngiti

ko. Ang tunay, hindi ko maipapangakong hindi ito nakapaskil ng pirmi sa aking labi hanggang mamayang gabi. Kasi nga ay kakaiba ang araw na ito.

Hanggang grade 2 lamang ang natapos ko sa pag-aaral. Noong ako'y bata, ninais kong maranasan ang nakikita ko sa iilang bata sa aming baryo—ang magtapos sa eskuwelahan. 'Yung mabihisan ng malinis at bulaklaking damit na katas ng pinagbentahan ng kaisa-isang baboy ng magulang, malagyan ng tinitipid na pulbos kapag gradweyt na, magsalu-salo sa matamis na *diket*[2] makaraan ang seremonya. Dinala ko ang pangarap na iyon hanggang sa ako'y magdalaga, kahit noong kinausap ako ng masinsinan ni Tatang na hindi na ako makapag-aaral dahil kapos na kapos ang kanyang kita sa taun-taong *sayad*[3] sa pag-*uuma*. Nakakunyapit ako sa pangarap na iyon, at labag sa loob kong binitiwan lamang ito noong namatay ang Tatang sa malaryang dumiretso sa utak niya, nagdala sa kanya sa libingan at nag-iwan sa amin sa palagiang kagutuman.

Hindi na ako nakapagtapos. Pero ngayong araw na ito, sa kakaibang araw na ito, magtatapos ako bilang isang instruktor.

Alas-siete ng umaga, tahimik na maingay ang ublagan pagdating naming mag-asawa. Mauulinigan ang maliliit na kuwentuhan sa kusina at iskul haus; marami na ang nakapaligo at may naghahanda na ng mga bandilang isasabit. Nakasilong ang kampuhan sa payapang *ik-ik*, *ik-ik* ng sumasayaw na mga kawayan, ang lagaslas ng sapa na pinaghahandaan na ng pagsasaluhang "*sabunganay* balls." Ipinangako itong ihanda ni Ka Leni, ang kadua na may ideya sa paghahalo ng tinadtad na puso ng saging, asin at arina. Saka bibilugin ng maraming nagtutulungang kamay ng mga kasama, ipiprito... tapos na! Sikat ang *sabunganay* balls niya, mura na'y masarap pang handa sa mga espesyal na araw gaya ngayon.

Tumulong si Lakay sa pagtusok ng mga haligi para sa mga idaragdag na bangko sa iskul haus. Maraming inimbitahang saksi sa gradweysyon namin. Nagpasya akong tumulong sa kusina. Naroon si Ka Temyong, ang aming instruktor, at si Ka Leni.

"O, narito na pala kayo! Mabuti at maaga kayong nakabalik," bati ni Ka Leni. Sinalubong ko ang kanyang inabot na palad na makikipagkamay, hindi ko alintana ang dagta ng puso ng saging na nagpalagkit dito.

"Malapit lang naman," sagot ko. Inumpisahan ko nang magtadtad din. "Ang totoo'y hindi ako masyadong nakatulog, gising ako nang gising at tinitignan kung umaga na ba."

Pare-pareho kaming nagtawanan. Nauunawaan nila ang saya ng isang magtatapos.

“Talagang malaking bagay ang pagtatapos ninyo sa pagsasanay sa pagtuturo ng kursong masa. Ngayong marami na kayong nakakaalam kung paano magturo, mas marami ang mabibigyan ng pag-aaral, kahit wala ang Hukbo sa lugar,” sabi ni Ka Temyong. Sa loob ng tatlong araw, matiyaga siyang nagturo sa amin kung paano mahusay na talakayin ang laman ng Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino, pati na ang mga Espesyal na Kurso. Paanong magpadaloy ng talakayan, paano pumukol ng tanong sa ikauunlad ng pag-aaral, paano tumayo at magsalita at magpaliwanag at marami pang iba.

“Oo nga,” dagdag ni Ka Leni. “Mahalaga ang pagbibigay ng pag-aaral upang mapataas ang kamulatan ng masa. Matibay ang pagkakaisa sa pagkilos kung buo ang pagkakaisa sa isip. Kumbaga’y ito ang gasolina sa sasakyan ng rebolusyon—”

“—ang ulan sa ating uma nang mahusay ang tubo ng palay,” dugtong ni Ka Temyong, pakumpas-kumpas pa ang kamay, hawak ang puso ng saging.

“Ang arina upang magkasama-sama ang tinadtad na *sabunganay*,” mabilis kong ambag. Lipos ng pasasalamat sa kanila at sa rebolusyong nagbibigay sa akin at sa lahat ng masa ng saya, nagpapalabas ng aming mga kakayahan at buong-tiwalang sumasalig sa aming kapangyarihan.

Nagsimula ang gradweysyon sa pag-awit ng Internasyunale. Pagkatapos, naupo na ang mga kakadua sa mga bangko. Ako at ang 20 pang magtatapos ay nakagrupo sa mga kawayang upuan sa kaliwang bahagi ng iskul, mamaya’y tatawagin isa-isa upang abutin ang diploma. Ang mga manonood na mga kabaryo at kapamilya namin ay naupo na rin, sa kawayan o sa lupa o sa tiniklop na mga paa, saan man kumportable ang likod at mata.

Nagbigay ng pambungad na pananalita si Ka Elmer, ang kasamang kabataang NPA na mahusay nang magpaliwanag ay magiliw pang ngumiti. *Susulong pa ang gawaing edukasyon sa hanay ng masa*, sabi niya, *sapagkat ngayo’y naririyan na kayong mga instruktor sa lokal, katuwang ng Hukbo sa paparaming gawain sa ating rebolusyon*… Sinulyapan ko si Huse, matamang nakikinig, ang aking asawang pinakulubot na ng araw ang balat at pinakapal na ng pagsasaka ang talampakan. Titser na rin siyang gaya ko. Dalawampu’t isang kayumanggi’t kinalyong mga titser.

Tumugtog ng pangmartsang awiting rebolusyonaryo, at nasa harapan na si Ka Temyong, hawak ang iaabot niyang mga Katibayan ng Pagtatapos. Tumabi sa kanya si Ka Art, ang Kalihim ng Sangay ng Partido. Isa-isa nang tinatawag ang aming pangalan upang pumaroon, kunin ang diploma at kumamay nang mahigpit.

May hindi maipaliwanag na pakiramdam sa aking tiyan, o sa aking dibdib, o kung saang banda man ito. Basta't parang humuhugos na kagalakan na gustong kumawala, nagpapalamig sa aking kamay, nagpapapula sa aking pisngi. Kung bakit sa sobrang kasiyahan ay kalahati na lang ang aking ngiti at kalahati ang pagtiim-bagang… Naalala ko si Tatang, ang pagkakataong mag-aral na ipinagkait sa akin ng lipunang nagpahirap sa kanya at sa kanyang Tatang, at sa Tatang ng kanyang Tatang, at ngayo'y sa aking mga anak.

"Lyn Laban T. Tallo nga Ismo!," ngalan ko iyon sa pakikibaka, tinatawag ni Ka Temyong.

Tiim-bagang, ngumingiti, lumakad ako nang taas-noo upang abutin ang aking diploma. Sinalubong ko ang palad ni Ka Temyong, humarap sa pumapalakpak na manonood, at ang kung-anong pakiramdam ay nagpapainit ng aking dibdib, bumabasa na rin sa aking mga mata. Kung bakit sa sobrang kasiyahan ay naluha naman ako. Naalala ko nga si Tatang, at ngayo'y ang aking mga anak na ipinaglalaban para makapag-aral, mabuhay, lumaya.

---

[1] *Balangeg*- kangkong
[2] *Diket*- malagkit
[3] *Sayad*- lugi

# MILISYANG BAYAN

Ni *Ka Fidel*

AKO NGA PALA SI LAYLA, ANAK NG MAGSASAKA AT isang kasapi ng Milisyang Bayan. Ka Arence ang pangalan ko sa Kabataang Makabayan. May ilang panahon na rin akong kumikilos sa aming baryo. Ang mga magulang at kapatid ko ay aktibo ring kumikilos.

Ang turo ni Ka May at ng asawa niyang si Ka Rolan sa aming pag-aaral, dapat iambag naming mga kabataan ang aming lakas, talino at tapang sa pagtatagumpay ng digmang bayan. Sumapi sa New People's Army!

Kaya nga noong minsang inimbitahan kami nina Ka Joed na sumama sa isang kras kors treyning, tuwang-tuwa kaming magkakaibigan na sumama. Pinabaunan pa nga kami ng organisasyon sa baryo ng kabuhayan bilang ambag.

May kahirapan kaming sumunod sa galaw ng mga Hukbo noong una. Pero matapos ang ilang araw, nakakahabol na rin kami sa kanilang liksi't bilis.

Sa ikalawang linggo ng treyning, biglang dumating sina Buboy at Mate at nagpaabot na may kaaway. Sila ang mga kabataang naka-posting. Dagliang nagplano ang yunit komand. Isang dagliang ambus ang ilulunsad, narinig ko sa kanilang pag-uusap.

"PASA-HANDA!", atas ng komand makalipas ang ilang minuto. Sa iskwad dos ako inilagay, kabadi ko si Ka Joy.

"Tulungan mo akong tumingin sa posisyon ng kaaway," aniya. "Doon tayo kukuha ng baril natin, sa kaaway."

Unang karanasan ko ito, kaya medyo pinagpapawisan ako ng malamig. Huminga ako ng malalim. "Sige, Ka Joy, doon tayo kukuha ng baril. Gapiin natin sila!" napakalakas ko pang sagot.

Kinakabahan ako lalo at $17^{th}$ IB ang tropa ng kaaway. Sa kuwento ng Tatay at mga kapitbahay namin, ito daw ang talagang hindi sumusuko sa laban. Pero naisip ko naman, 'ba, kami din ay magagaling. At kasasanay pa namin!

Pagkarating sa lugar ng pagtatambangan, ipinuwesto kami ng aming tim lider. Inilagay ko ang galon ng tubig sa tabi ng kahoy na aking pagkokoberan. Tiniyak ko ring nasa maayos ang mga karabat at gamot



sa pak ko. Tinulungan ko si Ka Joy na buhatin ang ilang kargang gamit medikal. Siya ang Opisyal Medikal ng aming platun.

Hayun na sila, sa loob-loob ko, nang bumungad ang kaaway. Ilang segundo lamang ay putukan na. Nagtulungan na kami ni Ka Joy sa pagtingin sa posisyon ng kaaway. Pinahiram pa nga niya ang hawak niyang baril. Nakadisiotsong bala yata ako!

“Ka Arence, may nagtakbuhan na kaaway!” Tiningnan ko yung itinuturo ni Ka Joy. Totoo nga! Iilan na lamang sa kaaway ang natira.

“ASOLT!” Malakas na atas ang narinig ko. Umaabante na ang mga kasama. Dapa, putok, rushing – ganon ang paglapit nila. Wala kasing gaanong pagkokoberan. Mahusay naman at nagtakbuhan na ang malaking bilang ng nasopresang kaaway.

“Sumuko na kayo! Gagamutin namin kayo. Ginagamit lamang kayo ng gobyerno para dahasin ang mamamayang Pilipino!” Halos kinse minutos kong naririnig na sigaw ng mga kasama.

“MEDIKAL, MEDIKAL!” Tumayo si Ka Joy. Tumayo na rin ako. Mas mabilis pa rin si Ka Joy tumakbo. Pawis na pawis akong dumating sa

kinaroroonan ng mga sumukong sundalo. Yung isa, may mga tama sa magkabilang balikat. Kaya pala hindi na siya makapagpaputok. Dali-dali kong inilabas ang mga karabat at tinalian ko ang balikat, nang sa gayon ay maampat ang pagdurugo. Pinainom ko rin siya ng pang-alis kirot.

“Pinakamahusay na umalis na kayo sa pagiging sundalo,” paliwanag ni Ka Joy habang ginagamot ang sugatan. “Paglingkuran ninyo ng totoo ang sambayanan. Ang rebolusyong aming inilulunsad ay pakikibaka ng mga mamamayan para sa makataong pamumuhay at demokratikong karapatan. Tungo sa kalayaan ng ating bayan. Dito sa kanayunan, ang mga magsasaka’y inaagawan ng lupa. Kalakhan sa inyong mga sundalo ay anak rin ng magsasaka’t manggagawa.”

“Matindi na ang korapsyon at katiwalian ng poder ni Gloria Arroyo. Tingnan nyo, expired pa ang mga dala-dala ninyong gamot. Sira-sira pa ang mga combat shoes ninyo,” dagdag na paliwanag ni Ka Yana, ang medikal ng isang iskwad, habang binubuhusan ng Betadine ang mga sugat nila. Kinabitan din ng mga kasama ng kulambo ang kinakagat na ng lamok na sugatang kamay nila.

“Dito pa, dito!” Sigaw ng mga kasama. Malapit sa sapa ay may mga sumusuko pang kaaway. Tumakbong nakaplaslayt ang iba pang mga medikal na kasama. Madilim na kasi.

Paatras na kami nang makita kong nakipagkamay na nagpapasalamat pa ang kaaway. Dahil sa pagrespeto ng NPA sa karapatang mabuhay ng sinumang kaaway na wala nang kakayahan sa gitna ng laban. Kahit pa medyo mahina ang baterya ng plaslayt ko, kitang-kita ko na nakangiti pa siyang nakikipag-usap.

“Tara na, Ka Joy,” yaya ko sa aking kabadi, “ako nang magbibitbit ng na-klining na baril!” Ipinahawak naman niya iyon sa akin.

“Ang husay mo palang magmedikal,” pangiting wika ni Ka Joy. “Pagsampa mo, gusto mo bang maging medikal?”

“Syempre, oo naman!” ang sagot ko. “Pagdating nga natin sa RP[1], kadua, magpapahayag na akong sumampa!,” lakad-takbo kong sinagot ang tanong niya.

[1] RP - Rallying Point

*Awit*

## ***Ni Uncle Sam***

*(Tono: Si Felimon)*

```
                 C
Ni Uncle Sam, ni Uncle Sam
                      Dm
Nagpasyar ‘toy Pilipinas
       G
Nakakita, nakakita
                C
Nagadu a kinabaknang

Tinakaw na, tinakaw na
                  F
Impan na’d America
              C                G
Kaasi’t Pilipino, kaasi’t Pilipino
                 C
Nailumlon iti utang.
```

## **Si Uncle Sam**

Si Uncle Sam, si Uncle Sam
Namasyal sa Pilipinas
Nakakita, nakakita
Isang tambak na kayamanan
Dinala niya, dinala niya
Doon sa Amerika
Kawawang Pilipino
Kawawang Pilipino
Nabaon siya sa utang.

## Ipuon mi nga Irugi

A E
Ipuon mi nga irugi
A
Kasasaad mi a nagrali
D
Imbalud dakam' PC ken Army
E
A nangtiliw kadakami

Diay baraks idiay Alimannao
Pilit inkam' nakaipupokan
Taraon mi inda impaidam
Tinapay la ti inkam' kinnan

Apay, aya, a pakabasulan
Ti panangirupir ti kalintegan
Saan aya a pagsayaatan
Ti kaaduan ti inkam' ilablaban?

Itan ta napaneknekan
Kinaranggas ti kalaban
Patibkeren ti kapanunotan
Idur-as tay' ti dangadang.

## Sisimulan Namin sa Umpisa

Sisimulan namin sa umpisa
Kalagayan naming nagrali
Ikinulong kami ng PC at Army
Na sa amin ay nanghuli

Sa baraks doon sa Alimannao
Ikinulong kaming sapilitan
Pagkain sa ami'y ipinagdamutan
Kinain nami'y tinapay lang.

Bakit ba kasalanan
Ang paggiit ng karapatan
Hindi nga ba't kabutihan
Ng karamihan ang aming inilalaban?

Ngayong ating napatunayan
Karahasan ng kalaban
Patatagin ang kaisipan
Isulong natin ang pakikibaka.

# MANGMANGGED KEN MANNALON

```
               C
Mangmangged ken mannalon agriing ka
    F                  G                  C
Tapno magun-od mo't wayawaya
               F                  G                  C-C/B-   Am
Mangirurumen nga agturay agraman ti gangganaet
        C        G            C
Oras nan umili a lumaban ka.

                         F
Proletaryo, progresibo
G                                            C
Ti daram ken panagling-et pagpuonam
                F                  C
Mangmangged ken mannalon
   F       C        F           C
Ti pigsa da ket panagkaykaysa
                F                          C
Taltalon ken ili, bambantay ket tay-ak
     G                                  C
Lumablaban da para iti wayawaya.


Mangmangged ken mannalon, agriing ka
         F                      C
Kumuyog iti baro a soldados (NPA!)
                F              G               C
Mangirurumen nga agturay agraman ti ganggannaet
        C        G            C
Oras nan umili a lumaban ka.
```

## MANGGAGAWA AT MAGSASAKA

salin

Manggagawa at magsasaka, gumising ka
Para makamtan ang kalayaan
Mapang-aping naghahari
pati na ang dayuhan
Oras na, bayan, na lumaban ka

Proletaryo, progresibo
ang iyong dugo't pawis ang puhunan
Manggagawa at magsasaka
ang lakas nila ay pagkakaisa
mga bukid at bayan, bundok at larangan
lumalaban na para sa kalayaan

Manggagawa at magsasaka, gumising ka
Sumapi sa bagong hukbo
Mapang-aping naghahari
pati na ang dayuhan
Oras na, bayan, na lumaban ka!

# ILABAN NAGBANNUGAN!

*CAGAYAN VALLEY, 2000.*
Tono: Laglagipem, Awan Nagkurangak

Intro: D—

I. Pulos diak maaklon
Sistema't pannakaagum
                              A
Dagdaga ti mannalon
                                G
Nabayag a ninamnama
                       A
A matagikua da
                       D
Awan mauray da.
II. Reforestation gayam
Nakapaunegan na
Programa nga agdama
CBFM, Stewardship, pangallilaw da
Rigat ti umuku-ok.

*Ref*
                              G                              A
No pakaragsakan da umili agsagaba
                             D
Adda maaramid tayo
                          G                              A
Kasapulan urnosen rumbeng aramiden
                            D
Datayon ti agtignay.
III. Awan manmnama
Agdama a turay
Isu't rumbeng ngarud
Intayo itandudo
Pannakidangadang
Datayon ti agtignay.

Bridge:
          A
Laglagipen, ilaban nagbannugan
                         D
Ken nagling-etan
                                A
Rebolusyon agraryo
                                                     D
Rumbeng idur-as awan umartap, ooh...
                       G
Ta ti subad na,
                               A
Nam-ay awan limdo
                       D
Umili ti aglak-am
                               G
Rang-ay ken simbeng
                           A
No magun-od tayo
                            D
Pudno a wayawaya.

(Uliten ti Koro)
(Uliten II, Ref, Koro)

Rang-ay ken simbeng
No magun-od tayo
Pudno a wayawaya.

# ILABAN PINAGPAGURAN

Salin

Kailanma'y di ko matanggap
Sistema ng pangangamkam
Lupain ng magsasaka
Matagal nang pinangarap
Na maaangkin nila
Walang mapapala

Reforestation pala kinapalooban nito
Ang programa ngayon
CBFM, Stewardship panlinlang nila
Hirap ang nadarama

Ref
Kung kasiyahan nila masang nagdurusa
Tayo'y may magagawa
Kailangan sinupin, dapat na hakbangin
Tayo na ang kumilos.

Walang maaasahan sa gubyerno ngayon
Kaya dapat lamang
Ating itaguyod pakikibaka
Tayo na ang kumilos

Koro
Tandaan, ilaban pinagpaguran
At pinagpawisan
Rebolusyon agraryo ating isulong
Walang papantay

At ang gantimpala
Ginhawa, walang lumbay
Bayan ang tatamasa
Kaunlaran at payapa
Makakamtan natin
Tunay na kalayaan.

# KABATAANG MAKABAYAN

*Intro: G- Em/ D- C9- Dsus*
(intro chords)
I. Dinggin ang panawagan ng aping bayan
Tahakin ang landas tungo sa kanayunan
Lagutin ang tanikala ng pagsasamantala
Kabataan gumising na, at tayo'y makibaka

II. Pag- aralan ang lipunan, pandayin ang kaisipan
Ang pag-asa ng bayan ay kabataang lumalaban
Iambag ang iyong galing, ang lakas at ang tapang
Kabataan kumilos na, at tayo'y makibaka

**Koro:**

```
     C9      Dsus        G-     G/F#          Em/D
Kabataan, sumanib sa pakikibaka ng mamamayan
   C9             Dsus          F
Susulong tayo sa ating pagsisikhay
    C9                 Dsus          G-        G/F#    Em/D
Landas na tinahak ay iisa,  pinagtagpo tayo ng pakikibaka
     C9                    F                D-D9-D-Dsus
Sa lakas ng masa, kakamtin ang tagumpay.
```

III. Dahas at kahirapan, pang- aapi't kasakiman
Ibagsak ang paghahari ng uring gahaman
Walang makapipigil sa dakilang layunin
Kabataan humanay na, kinabukasa'y kamtin

**Koro 2:**
Kabataan, humakbang ka, isulong ang digmang bayan
Pag- alabin ang dakilang kasaysayan
Ang maglingkod sa bayan ay isang karangalan
Sumulong, kabataang makabayan

*coda: (Em- Am- F- B)*
Kabataang makabayan, tugunin ang panawagan
Kabataang makabayan, tumungo sa kanayunan
Kabataang makabayan, sumapi sa Hukbong Bayan

## *Sulat*

08 March 2005

Mahal kong kasama at asawa,

Rebolusyonaryong pagbati sa iyo sa araw na ito! (Siyempre, kasama ang aking mainit na yakap at halik)

Bakit pa ako sumulat sa iyo, gayong magkasama naman tayo? Tanong ko ito sa sarili ko, tanong mo rin ito marahil. Kung minsan talaga, may mga pagkakataong mas madali ang isulat ang iniisip at nadarama kaysa sabihin ito, lalo na sa isang minamahal. Isa na ang araw na ito.

Araw ng kababaihan ngayon, kadua… araw n'yo… araw mo! Walang mas magandang tayming upang ipaabot ko ang paghanga sa desisyon mong magpatuloy sa pultaym na pagsisilbi sa masa… kahit nangangahulugan ito ng pagpapaalaga kay baby sa iba.

Alam ko kasing napakahirap para sa iyo ang gawin ito, pero alam kong kaya mo. Nakita ko kung paano ka naging matibay sa pagharap sa presyur ng pamilya, sa gitna ng puro kamoteng pagkain sa inyong erya noon,



at sa harap ng mga kontradiksyon mula nang sumampa ka sa Hukbo. Ikaw, na ilang beses nang muntik mawalan ng loob ngunit nananatili hanggang ngayon.

Totoong mas mahirap ito ngayon, pero tiwala akong maiigpawan mo rin ito. malaking hakbang na ang naririto ka. Kung nami-miss mo si baby, sa akin mo muna ibuhos—kahit gawin mo akong baby paminsan-minsan, okey lang.

Maliban pa, hindi ibig sabihin ng pagpapaalaga natin kay baby sa iba ay hindi natin siya mahal o pinapabayaan natin siya. Sa burges-pyudal na pagtingin ay oo… pagpapabaya ito. Sa ating mga rebolusyonaryo, bahagi ito ng sakripisyo natin. Nangangahulugan din ito ng iyong paglaya, na hindi ka patatali sa kapalaran ng isang babae sa burges-pyudal na lipunan; ang pagtataguyod mo ng pakikibaka para sa paglaya ng kababaihan; at ng paninindigan para sa armadong rebolusyon.

Sisiguraduhin naman natin na hindi siya mapapabayaan. Hindi naman natin tatalikdan ang kanyang kabutihan. Ang mahalaga ay maipatupad natin ang responsibilidad natin kay baby bilang mga nagrerebolusyong magulang niya. Kadua, gaya mo, gaya ko, - si baby ay “hindi anak ng kanyang magulang, anak siya ng kanyang panahon” - mauunawaan niya tayo.

Sana’y tuluy-tuloy mong mapangibabawan ang hila ng burges-pyudal na pagpapamilya. Kasama mo ako, kasama natin ang Partido, Hukbo at malawak na masa. Magtulungan tayo upang lalong mapatibay ang paninindigang magrebolusyon.

Muli, Ka Sonia, ipinaabot ko ang aking rebolusyonaryong pagmamahal at paghanga sa naging desisyon mo.

Mabuhay ka. Mabuhay ang kababaihan!
Nagmamahal kay baby, sa iyo at sa masa,

Ka Oyi




Para sa mga kasama sa RPF[1],

Rebolusyonaryong pagbati sa inyong lahat!

Layunin ng aking sulat na ipaabot ang aking mungkahing manligaw kay Kasamang Lucy. Nauna ko itong nailahad sa aming kolektibo at ako ay kanilang pinayagan.

Magkakilala na kami ni Ka Lucy noon pang pareho kaming kumikilos sa syudad. Pareho kami ng eskuwelahang pinasukan, at ng teritoryong kinilusan. Nagkasama rin kami sa pag-aaral ng Intermediang Kurso ng Partido. Nagustuhan ko sa kanya ang kanyang mahusay na pakikisalamuha sa mga kasama. Kahit sa mga biruan ay nakakasakay siya.

Minsan, nagkita kami sa isang rali. Kinumusta niya ako at lahat ng aking kakolektibo at kasama.

Noong magkita kami dito sa kanayunan bilang pareho nang mandirigma ng NPA, lalong nadagdagan ang paghanga ko sa kanya, dahil kahit payat, may sakit siya at mahina ang katawan ay pinili niyang magsilbi sa mamamayan. Hindi nagbago ang mainit niyang pakikitungo sa mga kasama—mapanghikayat at umaangkop sa kanila. Madali siyang malapitan kung may suliranin, magaan kasi ang approach niya.

Minsan, kinuha ko at nakain ang S4[1] niyang tupig[2] na hawak ng isang kasama. Iyan ang naging susi

upang makapag-usap kami. Hiyang-hiya ako sa kanya sa pagkuha ng kanyang S4, pero naging maunawain si Ka Lucy.

Noong nagsanay kami ng Batayang Kursong Pulitiko-Militar, namrublema ako sa pagkatakot na lumusot sa isang obstakel. Ngunit dahil sa panghihikayat at pagpapamulat niya sa akin na kailangang pangibabawan ang takot, napawi ang aking pag-aalangan. Siya lamang ang nakagawa sa akin nito.

Sa personal na katangian, ang nagustuhan ko sa kanya ay ang kanyang kagandahan, mahabang buhok, at nang minsang masulyapan ko siya at napansing nakahikaw ay para bang lalo siyang gumanda. Maganda at malambing ang kanyang boses, lalo na kapag nakikiusap. At malapit din siya sa mga bata.

Sa pampulitikang katangian, magaling siyang magbigay ng pag-aaral, nagpapaliwanag at palaging nagpapaalala sa mga kasama. Iginigiit niya ang kanyang mga pagtingin na makabubuti sa gawain at marunong siyang makinig sa masa at mga kasama.

Dahil sa mga nailahad ko, nagmumungkahi akong maghapag ng programa ng panliligaw sa kanya. Lahat ng naobserbahan ko kay Ka Lucy ay nagpalalim ng aking paghanga sa kanya.

Kung tatanggapin niya ang aking panliligaw, ilalaan ko ito sa pagpapaunlad ng aming relasyon at gawain.

Mabuhay kayo! Umaasa ako sa positibong katugunan ni Ka Lucy at ng inyong kolektibo.

Para sa sambayanan,

Ka Leno

---

[1] RPF- Reynaldo Piñon Front

[2] S4-Supply officer

[3] *Tupig*- kakaning malagkit na ibinabalot sa dahon ng saging at niluluto sa pugon o baga

*KwentongKusina*

## NAKASILIP DIN!

ni *JB Laya*



Isa sa pinakamahalagang gawain ng BHB sa araw-araw ang pagtataliba. Kaya naman maliksing umakyat sa puwesto si Kasamang Gerry upang magbantay ng seguridad, kasama ang dalawa pang *kakadua*[1].

Senyasan, ngitian, naupo na sila. Naghanap ng kamuplahe si Ka Gerry sa kanyang posisyon. Sumilip sa teleskopyo upang tignan ang paligid hanggang sa malayo.

Pero teka, nakakangalay na. "Uupo muna ako," naisip niya. Gusto man niyang magsindi ng sigarilyo'y pinigil niya. Hindi siya dapat maobserbahan ng kaaway mula sa kinauupuan.

Parang may naglalakad sa malayo. Tumayo si Ka Gerry upang damputin sana ang teleskopyo mula sa pinagpatungang putol na kahoy.

"A-aaay!" sigaw niya nang makita ang isang malaking ahas na nakapatong at nakikisilip sa kanyang teleskopyo.  Nang-angat ng ulo ang ahas nang marinig ang sigaw ni Ka Gerry. Nagtama ang kanilang paningin—at ang ahas at si Ka Gerry ay nagkanya-kanyang takbo!

---

[1] *Kakadua* - mga kasama

# Nagpapaya Soap ang Punong Labting



"Uy, ang ganda naman ng kahoy na 'to. Parang gumamit ng papaya soap, ang puti!"

Gumaan ang loob at hapong mga paa ni Ka Selya na tagasyudad nang makita ang maputing kahoy. Mahigit tatlong oras nang naglalakad ang kanilang iskwad. "Short cut" sa madawag na kakahuyan patungo sa isang pinagpapalawakang baryo, at iisa lamang ang plaslayt nila sa dumidilim nang gabi.

"Labting 'yan," buntong-hininga ni Ka Apyong, ang kasamang gayd na mahapdi na ang paa sa kalmot ng tinik at *bikal*[1].

Lakad. Lakad pa uli.

Ano ba naman ito, isip-isip ni Ka Apyong. Nawawala pa yata kami, at kumukulo na ang tiyan ko.

May mga bakas ng paa. Tingin ni Ka Apyong ito na ang daan.

"Ayos! Ito na ang daan patungong baryo. Nakita ko na ang dasdas," sabi niya.

Natigilan si Ka Apyong nang marinig ang tinig ni Ka Selya sa likod; "Uy, ang ganda uli nitong kahoy. Talagang nagpapaya soap, ang puti!"

Napakamot sa ulo si Ka Apyong. "Talagang nawawala na tayo. E, iyan din ang nakita natin kanina. Bakas natin itong nagpaikot-ikot sa punong iyan na nag-papaya soap."

---

[1] *Bikal*-kawayan

# PASA KALOG!

ni *Daya A. Nalabaga*

"Pasa Kalog[1]!"

Ikinumand ni Ka Rico ang pag-akyat sa puno makaraang ialok ni Tata Pedro ang kanyang mga niyog sa nagpapahingang mga mandirigma mula sa mahabang paglalakad. Nagpaalam na ang matanda nang makitang kumakain na ang mga kasama.

"O, huwag masyado," kantyaw ni Ka Dina kay Ka Jun na pinagsunud-sunod ang lagok sa malamig na tubig ng buko. "Baka 'di mo alam, nakakahilo iyan kapag nasobrahan."

"Sus," singit ni Ka Sita, "e ikaw nga itong nakarami na, *kadua.*"

Masarap ang niyog, kainan at kantyawan. Iniligpit nila ang kanilang pinagkainan at naghahanda na sa muling paglakad, nang marinig nila ang malalakas na yabag mula sa mataas na bahagi ng niyugan. Maraming paa at tila ba nagmamaniobra.

Lumayo sila sa niyugan at nagkanya-kanyang posisyon ang mga Pulang mandirigma. Nagkubli si Ka Jun sa likod ng puno ng niyog, gayundin ang iba. Si Ka Rico ay matamang nakasubaybay sa pinanggalingan ng ingay.

Tumigil ang mga yabag. Naobserbahan yata sila.

"Nanggaling ang mga NPA rito!" Matinis na sigaw ng isang bata.

"Oo nga, oo nga!" natutuwang sagot ng iba pang boses ng mga bata. Sila pala ang tila nagmamaniobra.

Lumabas mula sa pinagkublihan ang mga mandirigma. "Naku, pinag-alerto ninyo kami. Kumusta?" bati ni Ka Rico, nagkakamot ng ulo at natutuwa sa mga bata.



Mainit ang kuwentuhan at kumustahan. Pero si Ka Jun, may tanong na kanina pa nais masagot.

“Sandali lang, balong,” umpisa niya. “Paano mong nalamang nanggaling kami kanina riyan sa niyugan?”

Tiwala sa sariling sumagot ang tinanog na bata. “Madali lang, *kadua*. Nakita namin ang itinaob ninyong bao ng niyog, saka yung inayos na pinagkainan doon. NPA lamang ang gumagawa niyon.”

Halakhakan ang lahat. Naghandang muli sa paglalakad ang mga gerilya at nagpaalam na sa matatalinong bata.

---

*1 Kalog*- buko

# Huling Tala

*Unang Putok*- Napaslang ang 27 sundalo ng 45IB sa isang ambus ng Benito Tesorio Command sa So. Kayangadin, Dicamay Uno, Isabela noong Enero 24, 2005

*Nabarbara...*- Unang inilathala sa Abril 2005 na isyu ng ***Baringkuas!***

*Mapupulang Bulaklak…*- Si Ka Ren ay si Kasamang Lydia Sicat, 44, taga-San Fernando, Pampanga. Binaril siya at napatay ng mga tropa ng 45IB habang nakahiga at maysakit matapos ang isang labanan sa So. Diarao, Dicamay Dos, Jones, Isabela noong 1999. Siya noon ang unang pangalawang kalihim ng subseksyong komite ng Partido sa Hukbo na kumikilos sa San Agustin at Jones, Isabela.

*Mapagpalayang Pasko...*- Si Ka Bomi ay si Kasamang Wilfredo Valencia, ang kumander ng Fortunato Camus Command-Hilagang Silangang Luzon mula 1998 hanggang sa kanyang pagkamatay noong 2004. Nagbuwis siya ng buhay sa isang ambus ng NPA sa San Mariano, Isabela.